At nang dumating ang takdang panahon, si Cain ay naghandog sa Panginoon ng mga bunga ng lupa. (*Genesis 4:3*)

Sa gayon siya ang naging tagapagtatag ng pilosopiyang pagano ng pagbabayad-sala (o pagpapalubag-loob) sa mga diyos sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga handog. Hindi nagtagal, dinala ng mga tao ang prinsipyong ito upang maghandog ng mga hayop, at maging ng mga tao, na kasuklam-suklam sa ating Amang nasa Langit, sapagkat lubos nitong itinatago ang Kanyang mahabaging mukha mula sa sangkatauhan. Sa puso ni Cain ay pinatubo ang espiritu ng isang taong handang maghandog lamang ng bunga ng kanyang sariling paggawa upang itago ang larawan ng krus na nagpapahayag ng kasalanan sa pamamagitan ng pagkatay sa kordero. Yamang hinatulan ni Cain ang Diyos na nangangailangan ng Kanyang poot na mapayapa sa pamamagitan ng hain,

gayundin hinatulan niya ang kanyang kapatid na karapat-dapat sa kamatayan upang mapawi ang kanyang sariling galit. Inilalarawan ni Cain ang katarungan ni Satanas sa pagpatay niya sa kanyang kapatid. Si Cain ay nagdamdam na ang kanyang nakababatang kapatid ay magtatangkang siya'y turuan, kaya't inakalang makasusumpung siya ng ginhawa sa pamamagitan ng pagpatay sa kanyang kapatid:

Hindi gaya ni Cain, **na mula sa masama, at pinatay ang kanyang kapatid.** At bakit niya pinatay ito? Sapagkat masasama ang kanyang mga gawa, at matuwid ang sa kanyang kapatid. (1 Juan 3:12)

Noong panahon ni Abraham, ang ama ng Israel, ang kalupitan ng paganong relihiyon ay umabot sa kasukdulan.

Ngunit para sa sumasamba kay Jehova, isang mabigat na anino ang bumalot sa mga kakahuyan at masaganang kapatagan. *“Ang Cananeo ay naroroon pa noon sa lupain.”* Naabot na ni Abraham ang layunin ng kanyang mga inaasahan, ngunit **natagpuan niyang ang lupain ay tinitirhan ng isang banyagang lahi at puno ng pagsamba sa diyus-diyosan. Sa mga sagradong punong-kahoy ay itinayo ang mga altar para sa mga huwad na diyos, at mga handog na tao ang iniaalay sa mga kalapit na burol. Habang mahigpit na pinanghahawakan ni Abraham ang banal na pangako, may kasamang matinding pagkabalahabang** itinayo niya ang kanyang tolda. At nagpakita ang Panginoon kay Abram at sinabi, “Sa iyong binhi ay ibibigay Ko ang lupaing ito.” {PP 127.2}

Sa pagtuturo ng Diyos kay Abraham na magtiwala sa Kanyang mga pangako tungkol sa Binhi at sa pamana ng lupain, unti-unti Siyang gumabay kay Abraham palabas mula sa maling sistema ng katarungan ni Satanas, na nahayag sa malulupit na hain ng mga paganong bansa. Ngunit tumagal ng mahabang panahon bago tuluyang napalaya si Abraham mula sa huwad na sistemang ito ng pagpapalubag-loob:

At inilabas niya siya sa labas, at sinabi, Masdan mo ngayon ang langit, at bilangin mo ang mga bituin, kung kaya mo silang bilangin: at sinabi niya sa kaniya, Ganyan ang magiging binhi mo. At **siya'y sumampalataya sa Panginoon; at ito'y ibinilang sa kaniya na katuwiran.** At sinabi niya sa kaniya, Ako ang Panginoon na naglabas sa iyo mula sa Ur ng mga Caldeo, upang ibigay sa iyo ang lupaing ito na pinakamana. At sinabi niya, Panginoong Dios, **paanong malalaman ko na mamamahin ko ito?** (Genesis 15:5-8)

Naranasan ni Abraham ang kahirapan sa pagpapakita ng 'katunayan ng mga bagay na inaasahan, ang katibayan ng mga bagay na hindi nakikita' (Hebreo 11:1):

Patuloy na nakiusap ang patriarka **para sa isang nakikitang tanda bilang pagpapatibay ng kanyang pananampalataya** at bilang patotoo sa mga susunod na salinlahi na ang mapagpalang layunin ng Diyos para sa kanila ay maisasakatuparan. **Ikinababa ng Diyos ang Kanyang sarili upang makipagtipan sa Kanyang lingkod, gamit ang mga anyo na karaniwan sa mga tao sa pagtibay ng isang maringal na kasunduan.** Sa patnubay ng Diyos, naghain si Abraham ng isang dumalagang baka, isang babaeng kambing, at isang lalaking tupa, bawat isa ay tatlong taong gulang, na hinati niya at inilagay ang bawat bahagi sa magkabilang panig. Dinagdagan niya ito ng isang batu-bato at isang batang kalapati, na hindi niya hinati. Matapos itong gawin, siya ay may takot at paggalang na dumaan sa gitna ng mga bahagi ng hain, **at gumawa ng isang sagrado na panata sa Diyos ng walang hanggang pagsunod.** {PP 137.1}

Ipinahayag sa atin na nakiusap si Abraham para sa isang nakikitang tanda na tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako sa kanya, at sa ganitong konteksto ay nagpakumbaba ang Panginoon upang makipagtipan sa Kanyang lingkod sa pamamagitan ng mga kaugalian na sumasalamin sa maling sistema ng katarungan. Upang maging ama ng pananampalataya, sinundan ni Abraham ang landas na tatahakin din ng kanyang bayan – mula sa lumang pag-iisip ng Tipan patungo sa pag-iisip ng Bagong Tipan:

Sapagkat nasusulat, na si Abraham ay may dalawang anak, ang isa'y sa aliping babae, at ang isa'y sa babaing laya. Ngunit yaong sa aliping babae ay ipinanganak ayon sa laman; at yaong sa babaing laya ay sa pamamagitan ng pangako. Ang mga bagay na ito ay may pagkakahulugan: sapagkat **ito'y dalawang tipan; ang isa ay mula sa bundok ng Sinai, na nagluluwal sa pagkaalipin, na siyang si Agar...** Ngunit ang Jerusalem na nasa itaas ay malaya, na siyang ina nating lahat. (Galacia 4:22-26)

Upang lubusang maipasok si Abraham sa Bagong Tipan, kinailangan ng Panginoon na ipakita kay Abraham ang kanyang kaisipan na nakabatay sa maling sistema ng hustisiya:

Tinawag ng Diyos si Abraham upang maging ama ng mga tapat, at ang kanyang buhay ay inilaan upang maging halimbawa ng pananampalataya sa mga susunod na henerasyon. **Ngunit ang kanyang pananampalataya ay**

hindi naging sakdal. Ipinakita niya ang kawalan ng tiwala sa Diyos nang itago niya na si Sarah ay kanyang asawa, at muli nang siya'y nagpakasal kay Hagar. **Upang maabot niya ang pinakamataas na pamantayan,** isinailalim siya ng Diyos sa isa pang pagsubok — ang pinakamabigat na pagsubok na kailanma'y pinagdaanan ng tao. Sa isang pangitain sa gabi, iniutos sa kanya na magtungo sa lupain ng Moriah, at doon **ihandog(offer up) ang kanyang anak bilang handog na sinusunog sa ibabaw ng isang bundok na ituturo o ipinakita sa kanya.** {PP 147.2}

Hangga't hindi lubos na nagtitiwala si Abraham sa Diyos para sa katuparan ng pangako, siya ay isang tagapakinig lamang ng kautusan, ngunit hindi tagatupad:

Sapagkat kung ang sinuman ay tagapakinig ng salita at hindi tagatupad, siya ay katulad ng isang taong **tumitingin sa kanyang likas na mukha sa salamin:** (James 1:23)

Bago niya makita sa kautusan ng Diyos ang kaluwalhatian o ang likas ng Diyos at ng Kanyang Anak, kinailangang daanan ni Abraham ang repleksyon/aninag ng sarili niyang pag-iisip ukol sa kautusan, harapin ang kanyang kawalan ng pananampalataya, at piliing mahigpit na kumapit sa bisig ng Diyos, na siyang magdadala sa kanya sa Bagong Tipan.

Ngunit tayong lahat, na walang talukbong sa mukha, ay malinaw na nakikita ang kaluwalhatian ng Panginoon gaya ng sa salamin, ay unti-unting nababago sa gayunding larawan, mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, ayon sa Espiritu ng Panginoon. (2 corinto3:18)

Si Abraham na inyong ama ay nagalak na makita ang aking araw; nakita niya ito at siya'y natuwa. (Juan 8:56)

Sa pagtingin sa pinatay na kordero bilang pangako ng Manunubos, inunawa ni Abraham ang awa ng Diyos ayon sa sarili niyang pagkaunawa sa katarungan. Ang buong kwento ng pag-aalay ni Abraham sa sarili niyang anak ay isang repleksyon ng kanyang paniniwala kung ano ang ginagawa ng Diyos upang tugunan ang hustisya. Ang paghahandog ng bata ay hindi kailanman nasa isip ng Diyos, ngunit ito ay nasa isip ni Abraham dahil sa kulturang kanyang ginagalawan/tinitirahan.

At kanilang itinayo ang matataas na dako ni Baal, upang sunugin ang kanilang mga anak sa apoy bilang handog na susunugin kay Baal—na

hindi ko iniutos, ni sinalita man, ni pumasok man sa aking isipan.
(Jeremias 19:5; tingnan din Jeremias 7:31; 32:35)

"Sa prosesong ito ng pananampalataya hanggang kamatayan, pinili ni Abraham na maniwala sa salita ng Diyos higit pa sa mismong buhay, at sa gayon ang kanyang pananampalataya sa Diyos ay pinagtibay sa Bagong Tipan, kahit na ang prosesong ito ay kinailangan niyang daanan sa pamamagitan ng sarili niyang baluktot na pag-iisip.

Ang buhay at paglalakbay ni Abraham sa Lupang Pangako ay naglalarawan ng paglalakbay ng Israel sa Canaan. Nang ilabas ng Diyos ang mga inapo ni Abraham sa Ehipto, inanyayahan Niya sila na pumasok sa Kanyang (Bagong) Tipan. Kailangan lang nilang maniwala - ngunit ang kanilang pagdurusa ay naging dahilan upang makita nila ang Diyos sa malupit na liwanag ni Satanas:

Kaya't sabihin mo sa mga anak ni Israel, Ako ang Panginoon. Ilalabas ko kayo mula sa ilalim ng mga pasanin ng mga Egipcio, at ililigtas ko kayo sa kanilang pagkaalipin. Tutubusin ko kayo sa pamamagitan ng isang unat na bisig at sa pamamagitan ng malalaking kahatulan. At kayo'y gagawin kong aking bayan, at ako'y magiging inyong Diyos. At inyong malalaman na ako ang Panginoon ninyong Diyos na naglabas sa inyo mula sa ilalim ng mga pasanin ng mga Egipcio. At dadalhin ko kayo sa lupain na aking isinumpang ibibigay kina Abraham, Isaac, at Jacob. Ibibigay ko ito sa inyo bilang pamana: Ako ang Panginoon. At sinalita ni Moises ang mga salitang ito sa mga anak ni Israel: ngunit hindi nila pinakinggan si Moises dahil sa hinagpis ng espiritu at dahil sa mabagsik na pagkaalipin. (Exodo 6:6-9)

Kaya nang makipagtagpo ang Diyos sa mga anak ni Israel sa Bundok ng Sinai, ginawa Niya ito bilang salamin ng iniisip nila tungkol sa Kanya, sapagkat iyon lamang ang tanging paraan upang sila'y mapatnubayan patungo sa Bagong Tipan. Tinanggihan nila ang Bagong Tipan, kaya kinailangan muna nilang dumaan sa Lumang Tipan.

At ang bundok ng Sinai ay nababalot ng usok, sapagkat ang Panginoon ay bumaba roon sa apoy; at ang usok nito ay umakyat gaya ng usok ng isang hurno, at ang buong bundok ay nayayanig nang matindi. (Exodo 19:18)

At sinabi ng Panginoon kay Moises, Bumaba ka, at pagbalaan mo ang bayan, baka sila'y sumuway at magsikayat na sumilip sa Panginoon, at marami sa kanila ang mapahamak. (Exodo 19:21)

At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Humayo ka, bumaba ka; at ikaw ay sasama kay Aaron kapag ikaw ay umakyat. Ngunit huwag hayaang ang mga pari at ang bayan ay sumuway at piliting umakyat sa Panginoon, baka sila'y sugurin Niya. (Exodo 19:24)

Kung paano inakala ng mga tao ang Diyos, gayon Siya nahayag sa kanila. Kung Siya ay napakita sa ibang paraan, hindi sila maniniwala na Siya ang Diyos. Ipinakita ng Diyos sa kanila ang salamin ng kanilang iniisip.

At nakita ng buong bayan ang mga kulog, at ang mga kidlat, at ang tunog ng trumpeta, at ang bundok na umuusok: at nang makita ng bayan, sila'y nanginginig at lumayo. At sinabi nila kay Moises, 'Ikaw na ang makipag-usap sa amin, at makikinig kami: huwag na ang Diyos ang makipag-usap sa amin, baka kami'y mamatay.' At sinabi ni Moises sa bayan, 'Huwag kayong matakot: sapagka't ang Diyos ay naparito upang subukin kayo, at upang ang kanyang pagkatakot ay sumainyo, upang huwag kayong magkasala.' At ang bayan ay tumayo sa malayo, at si Moises ay lumapit sa salimuot na kadiliman na kinaroroonan ng Diyos. (Exodo 20:18-21)

Dahil si Moises ay may mas malalim na kaalaman sa likas ng Diyos, sinikap niyang pakalmahin ang takot ng mga tao, ngunit kahit siya ay nakadama pa rin ng takot sa harapan o presensya ng Diyos.

(Sapagkat hindi nila makayang tiisin ang ipinag-utos: 'Kahit ang isang hayop ay humipo sa bundok, ito ay babatuhin o tutuhugin ng sibat.' At napakatindi ng tanawin kaya't sinabi ni Moises, 'Lubha akong natatakot at nanginginig:') (Hebreo 12:20-21)

Ang takot na ito ay bunga ng katotohanang may isang atmospera/nakapaligid sa paligid ng bawat tao na kasing-totoo ng hanging ating nilalanghap.

Ang impluwensya ng mga iniisip at gawa ng bawat tao ay pumapaligid sa kanya na gaya ng isang di-nakikitang atmospera/kapaligiran, na hindi sinasadyang hinihinga ng lahat ng nakikipag-ugnayan sa kanya. Madalas na ang atmosperang ito ay puno ng lasong impluwensya, at kapag ito'y nalanghap, tiyak ang pagbagsak ng moralidad. {5T 111.1}

Ang atmospera sa paligid ng Diyos ay puspos ng magagandang impluwensya, ngunit ang atmosperang ito ay lubhang kakaiba para sa sangkatauhan kaya't ang likas na tao ay nagkakaroon ng matinding takot kapag siya ay nadadala sa pakikipag-ugnayan dito. Sa ating likas na kalagayan, tayo ay lubhang wala sa

pagkakaisa sa Diyos kaya't ang presensya ng pag-ibig ay tila kapahamakan at pagkawasak sa ating likas/natural na kalagayan.

Nang maglaon, nang ang maluwalhating mapagmahal na liwanag ng presensya ng Diyos ay bumaba sa Bundok, inakala nila ito bilang isang apoy na tumutupok/lumalamon.

At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nanahan sa bundok ng Sinai, at tinakpan ito ng ulap sa loob ng anim na araw: at nang ikapitong araw ay tinawag Niya si Moises mula sa gitna ng ulap. At ang anyo ng kaluwalhatian ng Panginoon ay parang apoy na tumutupok sa ibabaw ng bundok sa paningin ng mga anak ni Israel. (Exodo 24:16-17)

Sa gitna ng lahat ng ito, ang Diyos at ang Kanyang Anak ay nag-aanyaya sa buong Israel na maging mga kinatawan ng Kanilang likas/karater at kaharian sa harap ng lahat ng mga bansa.

Kaya ngayon, kung tunay na susundin ninyo ang aking tinig at iingatan ang aking tipan, kayo ay magiging natatanging kayamanan para sa akin higit sa lahat ng bayan; sapagkat akin ang buong lupa. At kayo'y magiging para sa akin isang kaharian ng mga saserdote, at isang banal na bansa. Ito ang mga salitang iyong sasalitain sa mga anak ni Israel. (Exodo 19:5-6)

Tinatawag ng Diyos ang Kaniyang bayan sa pamamagitan ng malabong pagkaunawa nila tungkol sa Kaniya.

Sapagka't ngayon ay nakikita natin sa isang salamin, madilim; ngunit pagkatapos ay mukhaan: ngayon ay alam ko nang bahagya; nguni't kung magkagayo'y malalaman ko na gaya ng pagkakilala sa Akin. 1Corinto 13:12)

Sana'y nangyari ito kung naniwala lamang sila na kayang gawin sila ng Diyos na ganoon sa pamamagitan ng pagsusulat ng Kanyang kautusan sa kanilang mga puso. Subalit sa halip, pinili nilang palugurin ang Diyos sa pamamagitan ng pangakong tutuparin nila ang Kanyang kautusan sa kanilang sariling lakas (tulad ng ginawa ni Abraham kay Agar), na nagpapakita na sila'y mga alipin pa rin ng maling paniniwala na ang tao ay may sariling bukal ng buhay o kapangyarihan kung saan maaari niyang sundin:

At ang buong bayan ay sabay-sabay na sumagot, at nagsabi, **'Lahat ng sinabi ng Panginoon ay aming gagawin.** (Exodo 19:8)

Mula ngayon, maaari lamang makipag-ugnayan ang Diyos sa bayang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga utos na sumasalamin sa kanilang kaisipan sa Lumang Tipan. Tumanggi silang pumasok sa liwanag dahil sa kawalan ng pananampalataya. Dahil lubos na nanaig sa kanilang isipan ang maling sistema ng katarungan ni Satanas, nagawa lamang ng Diyos na ipakita at palawakin pa ang sistemang handog upang sa pamamagitan ng kautusan ay maakay sila patungo sa Tagapagligtas:

Kaya nga ang kautusan ay naging tagapagturo natin upang ihatid tayo kay Cristo, upang tayo'y ariing-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. (Galacia 3:24)

Ibinigay ng Diyos sa kanila ang “nakikitang tanda” ng Kaniyang santuwaryo na may nakikitang saserdote upang tulungan ang kanilang mahinang pananampalataya na makita ang di-nakikitang makalangit na santuwaryo at ang Anak ng Diyos na naglilingkod doon para sa kanila.

Kung iningatan ng tao ang kautusan ng Diyos, gaya ng ibinigay kay Adan pagkatapos ng kanyang pagkaparaya, na iningatan ni Noe, at sinunod ni Abraham, **hindi na sana kinakailangan ang ordinansa ng pagtutuli.** At kung ang mga inapo ni Abraham ay tumupad sa tipan na siyang sinasagisag ng pagtutuli, hindi na sana sila naakit sa pagsamba sa diyus-diyosan, ni hindi na rin sana kinakailangan para sa kanila na dumanas ng pagkaalipin sa Egipto; kanilang maaalala ang kautusan ng Diyos, at hindi na sana kailangang ipahayag ito mula sa Sinai o ukitin sa mga tapyas na bato. At kung isinabuhay lamang ng bayan ang mga prinsipyo ng Sampung Utos, **hindi na sana kailangan ang karagdagang mga tagubilin/direksyon na ibinigay kay Moises.** {PP 364.2}

Ngunit **mabagal matuto ang mga tao sa aralin/leksyon.** Sanay na sila sa Egipto sa mga **materyal na larawan/representasyon** ng pagka-Diyos—at ang mga ito ay sa pinakababang uri—kaya't **mahirap para sa kanila na maunawaan ang pag-iral o ang likas/karakter ng Hindi Nakikitang Isa. Sa habag ng Diyos sa kanilang kahinaan, ibinigay Niya sa kanila ang isang simbolo ng Kanyang presensya.** “Gumawa sila ng dakong banal para sa Akin,” ang sabi Niya, “upang ako'y tumahan sa gitna nila.” (Exodo 25:8. {Ed 35.1})

Ang kasaysayan ng Israel, gayunpaman, ay nagpapakita na pinili nilang gamitin ang lahat ng ito bilang paraan upang angkinin ang kabutihan at halaga sa harap ng Diyos. Sa pamamagitan ng kanilang mga gawa, inasahan nilang mapalugod

ang Diyos at makamit ang Kanyang paggalang (Roma 9:31–32). Ngunit malinaw na sinabi ng Diyos sa kanila sa pamamagitan ni Jeremias:

Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel: Idagdag ninyo ang inyong mga handog na susunugin sa inyong mga hain, at kanin ninyo ang laman. Sapagkat **hindi ako nagsalita sa inyong mga magulang, ni nag-utos sa kanila, nang inilabas ko sila mula sa lupain ng Egipto, tungkol sa mga handog na susunugin o mga hain.** Kundi ito ang iniuutos ko sa kanila, na sinasabi: **Sundin ninyo ang aking tinig, at ako'y magiging inyong Diyos, at kayo'y magiging aking bayan;** at magsilakad kayo sa lahat ng daan na iniuutos ko sa inyo, upang kayo'y guminhawa. **Ngunit hindi sila nakinig, ni inilalang ang kanilang tainga, kundi lumakad sa mga payo at sa pagmamasid ng kanilang masamang puso, at nagsitalikod, at hindi sumulong.** (Jeremias 7:21-24)

Kung babasahin nating mabuti ang buong kasaysayan ng Israel, makikita natin kung paanong nagpagal ang Diyos upang ilabas sila mula sa maling sistemang hustisya na humihingi ng kamatayan—isang kasuklam-suklam na bagay sa Kanya—sapagkat ito'y nagpapalabo sa lahat ng mapagmahal na katangian ng Kanyang likas; ngunit pinili ng Israel na makita sa salamin ng kautusan ang kanilang sariling likas na mukha, sa halip na ang kanilang mapag-alagang Ama:

Narito, dumarating ang mga araw, sabi ng Panginoon, na ako'y gagawa ng bagong tipan sa sambahayan ng Israel at sa sambahayan ng Juda: hindi gaya ng tipan na ginawa ko sa kanilang mga magulang nang aking hulihin sila sa kamay upang ilabas sila sa lupain ng Egipto; na sila'y sumira ng aking tipan, bagaman ako'y naging asawa sa kanila, sabi ng Panginoon. (Jeremias 31:31-32)

4. Ang Araw-araw at ang Pagsalangsang ng Pagkawasak

Sa kasamaang-palad, ang Israel bilang isang bansa ay patuloy na tumanggi sa paanyaya na pumasok sa Bagong Tipan. Ang lahat ng naroroon sa Bundok ng Sinai ay namatay, maliban kina Caleb at Josue.

Habang sinasabi, "Ngayon kung maririnig ninyo ang Kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso," gaya ng sa paghihimagsik. Sapagkat ang ilan, nang kanilang marinig, ay naghimagsik — bagaman hindi lahat ng lumabas mula sa Egipto sa pamamagitan ni Moises. Ngunit kanino nga ba Siya nagdamdam sa loob ng apatnapung taon? Hindi ba't sa mga nagkasala, na ang mga bangkay ay nangabuwal sa ilang? At kanino Siya sumumpa na hindi sila makapapasok sa Kanyang kapahingahan, kundi doon sa mga hindi sumampalataya? Kaya't ating nakikita na hindi sila nakapasok dahil sa kawalan ng pananampalataya. (Hebreo 3:15-19)

Ako'y nasumpungan ng mga hindi nagsisihanap sa akin; Ako'y nahayag sa mga hindi nagtatanong tungkol sa akin. "Ngunit tungkol sa Israel ay sinabi niya," Buong araw ay iniunat ko ang aking mga kamay sa isang bayang masuwayin at mapagmatigas ang ulo. (Roma 10:20-21)

Napakakaunting mga tao ng Israel ang maaaring makalusot sa liwanag. Mayroong ilang mga kapansin-pansing pagbubukod dito at doon.

At sinabi niya, Lumabas ka at tumayo ka sa ibabaw ng bundok sa harap ng Panginoon. At narito, ang Panginoon ay dumaan: at isang malakas at matinding hangin ang humampas sa mga bundok at nagkabiyak-biyak ang mga bato sa harap ng Panginoon; ngunit ang Panginoon ay wala sa hangin: at pagkatapos ng hangin ay isang lindol; ngunit ang Panginoon ay wala sa lindol: at pagkatapos ng lindol ay isang apoy; ngunit ang Panginoon ay wala sa apoy: at pagkatapos ng apoy ay isang banayad at maliit na tinig. At nang marinig ito ni Elias, tinakpan niya ang kaniyang mukha ng kaniyang balabal, at lumabas, at tumayo sa bungad ng yungib. At narito, may isang tinig na dumating sa kaniya, at sinabi, Ano ang ginagawa mo rito, Elias? (1 Hari 19:11-13)

Ang karanasan ni Elias ay kinuha ni Elisha at ito'y kaniyang isinabuhay at pinalawak.


At sinabi ng hari ng Israel kay Eliseo nang makita niya sila, “Aking ama, papatayin ko ba sila? Papatayin ko ba sila?” At sinabi niya, “Huwag mo silang papatayin. Papatayin mo ba ang mga bihag na bihag mo sa pamamagitan ng iyong tabak at ng iyong pana? Maghain ka ng tinapay at tubig sa harap nila upang sila’y makakain at makainom, at pagkatapos ay makapunta sa kanilang panginoon.” At siya’y naghanda ng malaking pagkain para sa kanila: at pagkatapos nilang kumain at uminom, pinayaon niya sila, at sila’y bumalik sa kanilang panginoon. Kaya’t ang mga hukbo ng Siria ay hindi na muling lumusob sa lupain ng Israel. (2 Hari 6:21-23)

Ang ministryo ni Eliseo ay hindi nagbunga ng pangmatagalang reporma sa Israel upang kanilang maitayo ang templo na nakita ni Ezekiel sa pangitain — isang espirituwal na templo na binubuo ng masasayang puso ng mga lalaki at babaeng nakakita sa kaluwalhatian ng Panginoon. Ang pagkabigong tuparin ang mga tuntunin at mga kahatulan sa paraang naghahayag ng likas ng Diyos (Levitico 26:1–4) ang nagsara ng pintuan sa buong mundo upang makilala ang Diyos bilang iba pa sa isang Diyos na may galit lamang sa kasalanan (sa halip na Diyos ng pagpapatawad at kagalingan mula sa kasalanan) at namumuno gamit ang pamalong bakal. Sana ay naging ulo ang Israel sa mga bansa bilang dakilang liwanag, ngunit sa halip, ang mundo ay nasadlak sa kadiliman sa loob ng 2520 taon. Babalikan natin ang puntong ito sa susunod na kabanata.

Noong panahon ng pagkabihag sa Babilonia, natuklasan ni Daniel kung gaano pa katagal ang nalalabing panahon ng pisikal na Israel bago sila tuluyang tumigas sa kasalanan bilang isang katawan o bayan:

Pitumpung linggo ang itinakda para sa iyong bayan at sa iyong banal na lungsod.... (Daniel 9:24)

Ang mga propetikong 70 linggo ay katumbas ng 490 literal na taon (Ezekiel 4:6), at ang pasimula nito ay “ang paglabas ng utos na muling itayo ang Jerusalem.” (Daniel 9:25):



Ang bagay na magtatakda kung patitigasin ng Israel ang kanilang sarili o babaling sila sa Diyos ay ang kanilang magiging tugon sa mga kaganapan sa huling linggong propetiko ng panahong ito (tingnan ang larawan sa susunod na pahina):

Alamin mo at unawain, mula sa paglalabas ng utos na muling itayo at ayusin ang Jerusalem **hanggang sa pagdating ng Mesiyas na Prinsipe ay pitong linggo, at animnapu't dalawang linggo: ...** At pagkaraan ng animnapu't dalawang linggo ay **lilipulin/puputulin ang Mesiyas**, ngunit hindi para sa kanyang sarili:... At **kanyang pagtitibayin ang tipan sa marami sa loob ng isang linggo: at sa kalagitnaan ng linggo ay kanyang patitigilin ang hain at handog;** at dahil sa kasuklam-suklam na kalapastanganan ay kanyang gagawing panglaw/panira, hanggang sa wakas, at ang itinakdang kaparusahan ay ibubuhos sa isang sinira. (Daniel 9:25-27)



Ang huling linggong propesiya ay sumasaklaw/tumabon sa panahon mula 27 AD hanggang 34 AD. Sa unang kalahati ng panahong ito, personal na ipinakita ng Anak ng Diyos ang tunay na karakter ng Kanyang Ama; at sa ikalawang kalahati, ang mga tao na naniwala sa Kanya at nagpatibay ng tipan sa Kanya ay ipinalaganap ang patotoong ito. Sa kalagitnaan ng panahong ito ay ang krus, kung saan, sa pamamagitan ng mga Judio, ipinakita ng buong sangkatauhan kung ano ang ginagawa ng ating kasalanan sa Anak ng Diyos. Ni ang mga Judio ni ang mga Hentil ay hindi nakakita na ang mga handog ay simpleng larawan ng pagpapako sa krus ni Kristo dahil sa mga kasalanan ng sangkatauhan, at dahil dito, sa kabila ng matinding kahihiyan at pagdurusa at panganib ng walang katapusang pagkawala, pinayagan ng ating langitnong Ama na ipakita ang pagpapako sa krus ng Kanyang Anak sa nakikitang mundo:

Ang buong langit ay nagdusa sa pagdursa ni Kristo; ngunit **ang pagdurusang iyon ay hindi nagsimula o nagtapos sa Kanyang pagpapakita sa sangkatauhan. Ang krus ay isang paghahayag sa ating mga bulag na pandama ng sakit na, mula pa sa simula nito, ay dinala ng kasalanan sa puso ng Diyos.** {Ed 263.1}

Isipin na papayagan ng Diyos na ipakita ng sangkatauhan ang kanilang kasuklam-suklam na poot sa Kanyang Anak sa pamamagitan ng pagpapakita sa krus, upang makita ng tao ang kanyang sarili sa salamin at mapagtanto na kahit na ginawa niya ito, handa pa rin ang Diyos na magpatawad.

Sa Kanyang buhay at kamatayan, malinaw na ipinakita ng Anak ng Diyos kung ano ang katulad ng Ama. Kaya, sa kamalayan ng sangkatauhan, nagkaroon ng daan patungo sa pinakaloob na bahagi ng santuwaryo – ang kabanal-banalan, kung saan ang mapagmahal na karakter ng Diyos ay nahahayag sa pinakapurong anyo nito:

Pitumpung linggo ang itinakda para sa iyong bayan at sa iyong banal na lungsod, upang wakasan ang pagsuway, at upang magtapos ng mga kasalanan, at upang magbigay ng pagtubos sa kasamaan, at upang magdala ng walang hanggang katuwiran, at **upang tapusin ang pangitain at hula**, at upang **pahiran/annoint ang pinakabanal.** (Daniel 9:24)

Nang magtagpo ang oras at ang ating Tagapagligtas ay sumigaw, “Tapos na,” isang hindi nakikitang kamay ang pumutol sa belo ng Templo mula itaas hanggang ibaba.... Ang Kordero ng Diyos, na pinatay mula sa pagbuo ng mundo, ay patay na. **Ang daan patungo sa Pinakabanal ng lahat ay binuksan. Isang bagong at buhay na daan, na walang belo sa pagitan, ay inaalok sa lahat. Mula ngayon, lahat ay maaaring maglakad sa daang ito....** Para bang isang buhay na tinig ang nagsalita sa mga naglalakbay: **Wala nang pagtatapos ang lahat ng mga handog at sakripisyo.** {12MR 416.3}

Para sa karamihan ng mga Kristiano, nauunawaan na ang paghinto ng mga handog ay dahil sa kagustuhan ng Diyos na itinaguyod Niya noong una, at nang mamatay si Cristo, titigil na ang mga ito. Ngunit ang katotohanan ay sa pamamagitan ng paghahayag ng Ama kay Cristo, ngayon ay may bukas na pintuan sa isipan ng tao upang makita na hindi ganito ang Diyos, na hindi Niya kailanman naisin ang mga sakripisyo at handog. Ito ang matutuklasan natin sa wika ng Spiritu ng Hula, “Parang may buhay na tinig na nagsalita sa mga

mananamba.” Narito ang prinsipyo ng kamalayan na dumating sa kanila sa pamamagitan ng isang bago at buhay na daan patungo sa Ama dahil sa pagpapahayag ni Cristo ng Kanyang karakter.

Tandaan, gayunpaman, na ang pisikal na pagpapahayag na ito sa krus ay nagbukas lamang ng daan patungo sa Kabanal-banalang Lugar, ngunit bago sila makarating doon, ang mga pilgrim na "nagpatibay ng tipan" sa Anak ng Diyos ay kailangang tapat na dumaan sa karanasan ng Banal na Lugar, kung saan tinatanggap nila ang katuwiran ni Cristo tulad ng ipinahayag sa Kanyang pag-incarnate; ang tinapay ng buhay at ang mga intersesyon/pagpagitna at daing ng Anak ng Diyos na namamagitan para sa kanila upang sila'y makakita. Dahil sa kanilang katigasan ng puso, nabigo ang mga Hudyo na makapasok doon at nanatili sa labas na bahagi (ang lupa) ng santuwaryo:

Pinangunahan ni Satanas ang mga tumanggi sa mensahe ni Juan na lumayo pa, hanggang sa tanggihan at ipako si Cristo sa krus. Sa paggawa nito, inilagay nila ang kanilang sarili sa kalagayang hindi nila matatanggap ang pagpapala sa araw ng Pentecostes, **na sana'y nagturo sa kanila ng daan patungo sa makalangit na santuwaryo.** Ang pagkakapunit/pagkahati ng tabing ng templo ay nagpakita na ang mga alay at mga seremonyang Hudyo ay hindi na tinanggapin. Ang dakilang Hain ay naialay na at tinanggap na, at **ang Banal na Espiritu na bumaba sa araw ng Pentecostes ay nagdala sa isipan ng mga alagad mula sa makalupang santuwaryo patungo sa makalangit, kung saan pumasok si Jesus sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo, upang ibuhos sa Kaniyang mga disipulo ang mga biyaya ng Kaniyang pagbabayad-sala.** Ngunit ang mga Hudyo ay naiwan sa lubos na kadiliman. Nawala sa kanila ang lahat ng liwanag na maaari sana nilang matanggap ukol sa plano ng kaligtasan, at **patuloy silang nagtiwala sa kanilang mga walang kabuluhang hain at mga handog.** Ang makalangit na santuwaryo ay pumalit sa makalupang santuwaryo, ngunit wala silang kaalaman tungkol sa pagbabagong ito. **Kaya't hindi sila maaaring makinabang sa pamamagitan ng pamamagitan ni Cristo sa banal na dako.** {EW 259.1}

Ang Israel ay kumapit sa maling pagkaunawa nila sa Diyos, at dahil dito ay nagkaroon si Satanas ng ganap na pag-access sa kanilang isipan upang itatag sa kanila ang kaniyang huwad na sistema ng katarungan, na ayon dito, bawat kasalanan ay dapat tumanggap ng parusa. Hindi lamang nila nabigong itama ang maling pag-iisip na ito sa harap ng mga bansa, kundi sa kanilang pag-uugali tungo sa Anak ng Diyos ay tinanggap nila ang isipan ni Satanas, na nagpakita

ng matinding pagkamuhí/galit niya sa Anak ng Diyos. Ang mismong kautusan na ibinigay sa kanila ng Diyos ay ginamit nila upang patayin ang Anak ng Diyos.

At isa sa kanila, na ang pangalan ay Caifas, na dakilang saserdote nang taong yaon, ay nagsabi sa kanila, Wala kayong nalalaman, ni hindi man ninyo pinag-iisipan **na nararapat para sa atin na mamatay ang isang tao alang-alang sa bayan, at huwag nang mapahamak ang buong bansa.** (Juan 11:49-50)

Lumabas nga si Jesus, na may suot na koronang tinik at balabal na kulay ube. At sinabi ni Pilato sa kanila, Narito ang tao! Pagkakita nga sa kaniya ng mga punong saserdote at ng mga pinuno, sila'y sumigaw, na sinasabi, Ipako siya sa krus! Ipako siya sa krus! Sinabi sa kanila ni Pilato, Kunin ninyo siya at ipako sa krus, sapagkat wala akong nakikitang kasalanan sa kaniya. Sumagot sa kaniya ang mga Judio, Kami ay may kautusan, at **ayon sa aming kautusan ay nararapat siyang mamatay**, sapagkat ginawa niyang sarili niya na Anak ng Diyos. (Juan 19:5-7)

Pinili ng Israel na makita ang kanilang sariling repleksyon sa kautusan ng Diyos sa halip na ang tunay na karakter ng Diyos na nahayag sa Kanyang Anak, kaya't napilitan ang Diyos at ang Kanyang Anak na bumaling sa mga Hentil. Dahil sa maling paniniwala na may taglay na likas na halaga at karangalan ang kanilang lahi (ang kanilang dugo), inakala ng mga Judio na sila ay karapat-dapat, at itinuring nila ang mga Hentil na parang alikabok. Sa pamamagitan ng krus, ang pader na naghiiwalay sa mga Judio at mga Hentil — na nalikha dahil sa maling pagpapaliwanag ng kautusan at ng karakter ng Diyos — ay giniba:

Nguni't ngayon kay Cristo Jesus kayo na noong una ay nalalayo ay inilapit sa pamamagitan ng dugo ni Cristo. Sapagka't siya ang ating kapayapaan, na ginawang isa ang dalawa, **at iginiba ang pader na nasa gitna na nagpapahiwalay sa atin;** Na sa kaniyang laman ay inalis ang enmidad, sa makatuwid bago'y ang **kautusan ng mga utos na nasa mga palatuntunan/ordinansa;** upang sa dalawa ay lalangin sa kaniyang sarili ang isang taong bago, sa ganito'y ginagawa ang kapayapaan; At upang papagkasunduin silang dalawa sa iisang katawan sa Diyos sa pamamagitan ng krus, na sa kaniya'y pinatay ang enmidad: At siya'y naparito at **ipinangaral ang kapayapaan sa inyong mga nalalayo, at sa nangalalapit: Sapagka't sa pamamagitan niya tayo ay may pagpasok sa isang Espiritu rin sa Ama.** (Efeso 2:13-18)

Hindi kayang makilala ng sanlibutan ang karunungan at likas ng Ama nang direkta sapagkat niyakap din nito nang lubusan ang huwad na sistema ng

hustisya ni Satanas, at naniwala na kung walang pagbubuhos ng dugo ay walang kapatawaran. Sumang-ayon ang Ama na ibigay ang Kanyang Anak sa ganitong kaisipan ng sangkatauhan upang maabot tayo, at mabuksan ang daan sa ating mga puso at isipan upang maunawaan ang Kanyang karakter, gaya ng lubos na nahayag sa Kabanal-banalang dako:

Sapagka't yamang **sa karunungan ng Diyos ay hindi siya nakilala ng sanlibutan sa pamamagitan ng karunungan**, minagaling ng Diyos na iligtas ang mga sumasampalataya **sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral**. (1 Corinto 1:21)

Sa kontekstong ito, ang tinatawag na kamangmangan ng pangangaral ay ang paniniwala na hiniling ng Diyos ang kamatayan ng Kanyang Anak upang tayo'y mapatawad, at sinasabi ni Isaias na ang kamangmangan ito ay malalim na nakatanim sa atin at pangkalahatang pinaniniwalaan.

unay na kaniyang pinasan ang ating mga kapighatian, at dinala ang ating mga kalumbayan; **gayon ma'y ating inakala na siya'y hinampas**, sinaktan ng Diyos, at pinahirapan. (Isaias 53:4)

Ang kaisipan na sa pamamagitan ng krus ng Kalbaryo ay inaabot tayo ng Ama sa pamamagitan ng ating pag-iisip upang buksan ang daan sa ating kamalayan patungo sa Kabanal-banalang Dako ay pinagtitibay ng simbolismo ng tansong ahas:

At sinabi ng Panginoon kay Moises, Gumawa ka ng **isang mabangis na ahas**, at ilagay mo sa isang tungkod: at mangyayari, **na bawa't taong natuklaw, pagka siya'y tumingin doon, ay mabubuhay**. At si Moises ay gumawa ng **isang ahas na tanso**, at inilagay sa isang tungkod, at nangyari nga, **na kung ang sinoman ay natuklaw ng ahas, pagka tumingin siya sa ahas na tanso, ay nabubuhay siya**. (Mga Bilang 21:8-9)

Ang lason ng ahas ay ang huwad na sistema ng hustisya ni Satanas, na nagpapaniwala sa atin na hinihingi ng Panginoon ang pagbubuhos ng dugo ng Kanyang Anak sa krus upang tayo'y mapatawad. Pansinin na ito rin mismo ang ahas na inilagay sa tungkod na sumasagisag sa krus, sapagkat sa pamamagitan ng krus ay inaabot tayo ng Diyos sa gitna ng maling pagkaunawang ito. Si Cristo ay ginawang kasalanan alang-alang sa atin:

At kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa ilang, ay **gayon din naman kailangang itaas ang Anak ng tao**; Upang ang sinomang sumampalataya sa kaniya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. (Juan 3:14-15)

Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay ginawa Niyang kasalanan dahil sa atin; upang tayo'y maging katuwiran ng Diyos sa Kaniya. (2Corinto 5:21)

Sa pagbabalik sa mga salita ng anghel na ibinigay kay Daniel na ang propesiya ng 490 taon ay dapat 'tatakan' o iugnay sa isang 'pangitain,' makikita natin na ito ay ang pangitain sa nakaraang kabanata:


At mula sa isa sa kanila ay lumitaw ang isang maliit na sungay, na lumaki ng totoong malaki, sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at sa maligayang lupain. At lumaki hanggang sa hukbo ng langit; at kaniyang ibinagsak ang ilan sa hukbo at sa mga bituin sa lupa, at kaniyang niyurakan ang mga yaon. Oo, siya'y nagmalaki hanggang sa prinsipe ng hukbo; at inalis sa kaniya ang palaging handog na susunugin, at ang dako ng kaniyang santuario ay ibinagsak. At ang hukbo ay nabigyan sa kaniya laban sa palaging handog na susunugin dahil sa pagsalangsang; at kaniyang inihagis ang katotohanan sa lupa, at siya'y gumawa, at guminhawa. Nang magkagayo'y narinig ko ang isang banal na nagsasalita; at sinabi ng isa pang banal sa yaong nagsasalita, Hanggang kailan ang pangitain tungkol sa palaging handog na susunugin, at ang pagsalangsang na nakapagpapawalang kabuluhan, upang ang santuario at ang hukbo ay yurakan? At sinabi niya sa akin, Hanggang sa dalawang libo at tatlong daang hapon at umaga; kung magkagayo'y lilinis ang santuario. (Daniel 8:9-14)

Sa pasimula ng pangitaing ito (Daniel 8:1–8), ang kapangyarihan ng Paganismo ay inilarawan sa pamamagitan ng lumalaking kapalaluan ng isang lalaking tupa (Medo-Persia 539–331 BC) na natalo ng isang kambing (Gresya 331–168 BC). Ang maliit na sungay ay sumasagisag sa Roma, na dumaraan sa dalawang yugto: pagan at papa. Sa yugto nitong pagano, nilabanan ng Roma ang pisikal na Israel (ang hukbo ng langit), ang mga pinuno nito (ang mga bituin), at maging si Cristo mismo (ang Prinsipe ng hukbo) ay ipinako sa krus sa pamamagitan nito. Ipinapakita ng orihinal na salin sa wikang Hebreo na inalis ng Papaang Roma ang Paganismo (ang palaging/araw-araw na handog) sa pamamagitan ng pagpapalalo, at pinahintulutan ito

1 Ang salitang 'sakripisyo/hain' o 'handog' ay wala sa orihinal na teksto. Ito ay idinagdag lamang ng mga tagapagsalin.

“dahil sa pagsalangsang” o dahil sa pagtalikod ng Kristiyanismo — ang kasuklam-suklam na naninira (Daniel 11:31). Ang ganitong pakahulugan, na ang "palaging/araw-araw na handog" ay tumutukoy sa Paganismo, ay ayon sa mga unang tagapanguna ng Adventismo, at ito ay kinumpirma ng Espiritu ng Hula. Sa katapusan ng 2300 propetikong araw, si Cristo mismo ay papasok sa Kabanal-banalang ng santuwaryong makalangit kapag may isang bansa nang handang sumunod sa Kanya sa pananampalataya, upang ganap na maibalik ang tamang pagkaunawa sa likas ng Kanyang Ama. Ang koneksyon ng kahulugan sa pagitan ng hula ng 70 linggo (490 taon) at ng pangitain ng 2300 araw ay ito: sa katapusan ng unang yugto, pahihintulutan ng Diyos na ang Kanyang Anak ay ipagkanulo upang matupad ang tiwaling lohika ng bumagsak na sangkatauhan, upang mabuksan Niya ang ating mga isipan sa daan patungo sa santuwaryong makalangit; habang sa katapusan naman ng yugto ng 2300 araw, aanyayahan Niya ang mga tapat na tumanggap ng katuwiran ng Kanyang Anak na lisanin ang Banal na Dako sa santuwaryong makalangit at pumasok kasama Niya sa Kabanal-banalang Dako, kung saan maaari nilang ipakita ang Kanyang likas sa pinakadalisay nitong anyo.

Tanging sa pagtanggap ng katuwiran ni Cristo sa Banal na Dako nagiging may kakayahan ang sangkatauhan na maunawaan kung ano talaga ang Diyos, at sa pamamagitan nito ay mararating ang karanasan sa Kabanal-banalang upang tuluyang maalís ang mga kasuklam-suklam na bagay ng huwad na sistema ng hustisya ni Satanas:



³ Ang mas detalyadong pag-aaral tungkol sa paksang ito ay matatagpuan mo sa aklat na *Have We Followed Cunningly Devised Fables?* ni Robert Wieland sa maranathamedia.com.

Pitong pung sanglinggo ay naitala sa iyong bayan at sa iyong banal na lungsod, **upang tapusin ang pagsalangsang, at upang wakasan ang mga kasalanan, at upang gumawa ng pakikipagkasundo sa kasamaan, at upang ipasok ang walang hanggang katuwiran**, at upang selyuhan ang pangitain at ang propesiya, at **upang pahiran ng langis ang Kabanal-Banalan.....** (Daniel 9:24)

At kaniyang papagtitibayin ang tipan sa marami sa loob ng isang sanglinggo: at sa kalagitnaan ng sanglinggo ay kaniyang patitigilin ang hain at ang handog; **at sa pamamagitan ng kasuklamsuklam na mga karumihan ay magkakaroon ng kagibaan/pagkasira**, hanggang sa ang wakas, at ang ipinasiya ay ibubuhos sa pagkasira. (Daniel 9:27)

"Sa isipan ng lahat ng nakikipagtipan kay Cristo, ang mga hain at mga handog ay nagwawakas sa kalagitnaan ng huling propetikong sanglinggo – sa mismong hayagang pagpapakita ng krus. Ang darating na pagkawasak ay dumarating sakay ng dalawang kasuklam-suklam na bagay – ang Paganismo at ang Papa. Ang huli ay kumakatawan sa tumalikod na Kristiyanismo, na kumukuha sa pilosopiyang pagano ukol sa pagbayayad-sala na isinilang mula sa huwad na katarungan/hustisiya, at binabalutan ito ng Kristiyanong ‘anyo/suot’. Ang ating Amang nasa langit ay inilalarawan sa isang 'Kristiyanong' konteksto bilang isang Diyos na kailangang paamuin sa pamamagitan ng libo-libong mga seremonya, indulhensya, pamamagitan ng mismong Papa, ng Birheng Maria, at ng mga kaluluwa ng mga banal na martir. Maging ang krus mismo ng ating Panginoong Jesu-Cristo ay inihaharap bilang pinakamataas na paraan ng pagtubos sa isang nagngangalit na Diyos na galit dahil sa pagsuway sa Kanyang kautusan:

May kapansin-pansing pagkakatulad **sa pagitan ng Iglesia ng Roma at ng Iglesia ng mga Judio** noong unang pagparito ni Cristo. Habang palihim na niyuyurakan ng mga Judio ang bawat prinsipyo ng kautusan ng Diyos, sila naman ay mahigpit sa panlabas na pagsunod sa mga utos nito, pinabibigat pa ito sa pamamagitan ng mga dagdag na kautusan at tradisyon na

⁴ "Mayroon ding ugnayang lingguwistiko sapagkat sa Daniel 9:24 ay sinabing ang propesiya ng 70 linggo ay 'itinakda' o 'pinutol' (sa wikang Hebreo) para sa bayan ni Daniel (ang mga Judio). Ibig sabihin nito, ang 490 taon ay bahagi ng mas mahabang yugto ng panahon, at dahil sa nakaraang kabanata ay nagtataka si Daniel tungkol sa pangitain ukol sa santuwaryo, na kinabibilangan ng panahong 2300 taon, madaling mapag-isipang sa kabanata 9 ay ibinibigay ni Gabriel kay Daniel ang kasagutan sa kanyang pagkalito.

ginagawang masakit at mabigat ang pagsunod. **Kung paanong ang mga Judio ay nagkukunwaring iginagalang ang kautusan, gayundin ang mga Romano Katoliko ay nagpapakilalang iginagalang ang krus.** Itinataas nila ang simbolo ng paghihirap ni Cristo, ngunit sa kanilang mga buhay ay itinatangi nila Siya na kinakatawan nito. Ang mga Katoliko ay naglalagay ng mga krus sa kanilang mga simbahan, sa kanilang mga altar, at sa kanilang mga kasuotan. Saanman ay makikita ang sagisag ng krus. Saanman ito'y pinararangalan at itinataas sa panlabas na anyo. **Ngunit ang mga turo ni Cristo ay nakabaon sa ilalim ng maraming walang kabuluhang tradisyon, maling mga paliwanag, at mahihigpit na kautusan...** Ang pagsamba sa mga larawan at mga relikyas, ang panalangin sa mga santo, at ang pagbubunyi sa papa ay mga pakana ni Satanas upang ilayo ang isipan ng mga tao mula sa Diyos at sa Kanyang Anak... **Patuloy ang pagsisikap ni Satanas na ipagkalat ang maling pagkakakilala sa likas ng Diyos, sa kalikasan ng kasalanan, at sa tunay na isyung nakataya sa dakilang labanan.** Sa pamamagitan ng kanyang mga mapanlinlang na aral, pinapahina niya ang obligasyon ng banal na kautusan at binibigyan ng pahintulot ang mga tao na magkasala. Kasabay nito, **pinapaniwala niya ang mga tao sa maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, kaya't sa halip na pag-ibig, sila'y natatakot at napopoot sa Kanya.** Ang kalupitang likas kay Satanas ay iniaangkin sa Maylalang; **ito'y nasasalamain sa mga sistema ng relihiyon at naipapahayag sa mga anyo ng pagsamba.** Sa ganitong paraan, ang mga isipan ng tao ay nabulag, at si Satanas ay nakakasiguro na makuha sila bilang kanyang mga kasangkapan upang makipagdigma laban sa Diyos. **Dahil sa mga binaluktot na pagkaunawa tungkol sa mga katangian ng Diyos, ang mga bansang pagano ay napaniwala na ang paghahandog ng tao ay kinakailangan upang makamit ang pabor ng Diyos** [ang Palagian/araw-araw]; at mga kakila-kilabot na kalupitan ang naisagawa sa ilalim ng iba't ibang anyo ng pagsamba sa diyus-diyosan. **Ang Simbahang Romano Katoliko, na pinagsama ang mga anyo ng paganismo at Kristiyanismo [ang pagsalangsang o kasuklam-suklam na naninira], at tulad ng paganismo na nagpapalabo sa tunay na karakter ng Diyos,** ay gumamit din ng mga gawain na hindi rin gaanong malupit at karumal-dumal. {GC 568, 569}

Sa pamamagitan ng prosesong ito ng pagpapasok ng Paganismo sa Kristiyanismo, inulit ng mga Kristiyano ang kasaysayan ng Israel. Kaya't nang dumating ang panahon na dapat nilang sundan ang kanilang Dakilang Saserdote sa langit patungo sa Kabanal-banalang Dako at maunawaan ang tunay na likas ng kanilang Amang nasa langit (sa katapusan ng 2300 taon), kakaunti lamang

ang tumugon sa panawagan ni Jesus, na nakapaloob sa Mensahe ng Tatlong Anghel (Apocalipsis 14: 6-12):



Marami ang tumitingin nang may pangingilabot sa naging hakbang ng mga Judio sa pagtanggì at pagpapako kay Cristo; at habang binabasa nila ang kasaysayan ng Kanyang kahiya-hiyang pag-abuso, iniisip nila na mahal nila Siya at hindi nila Siya ikakaila gaya ng ginawa ni Pedro, o ipapako gaya ng ginawa ng mga Judio. Ngunit ang Diyos na bumabasa sa mga puso ng lahat ay nagdala ng pagsubok sa pag-ibig kay Jesus na kanilang inaangking nadarama. Ang buong langit ay nanood nang may pinakamalalim na interes sa pagtanggap ng unang mensahe ng anghel. Ngunit marami ang nagpahayag na mahal nila si Jesus, at dumadaloy ang luha habang binabasa ang kasaysayan ng krus, ay lumait sa magandang balita ng Kanyang pagdating. Sa halip na tanggapin ang mensahe nang may kagalakan, itinuring nila itong isang panlilinlang. Kinamuhian nila ang mga umiibig sa Kanyang pagpapakita at itinaboy sila mula sa mga iglesia. Ang mga tumanggi sa unang mensahe ay hindi napakinabangan ng ikalawa; ganoon din, hindi rin sila napakinabangan ng panawagan sa hatinggabi(midnight cry) na **sana ay naghanda sa kanila upang makapasok kay Jesus sa pamamagitan ng pananampalataya sa kabanal-banalang dako ng makalangit na santuwaryo**. At sa pagtanggì sa dalawang naunang mensahe, labis nilang nadiliman ang kanilang pag-unawa kaya’t wala silang nakikitang liwanag sa mensahe ng ikatlong anghel, **na siyang nagpapakita ng daan patungo sa Kabanal-banalang dako**. Nakita ko na kung paanong ipinako ng mga Judio si Jesus, ganoon din ipinako ng mga tinatawag na simbahan ang mga mensaheng ito, at dahil dito wala silang kaalaman sa daan patungo sa **Kabanal-banalang Dako**, at hindi rin sila mapapakinabangan ng pamamagitan ni Jesus doon. Tulad ng mga Judio na naghahandog ng

5 Ang teksto sa mga square bracket ay idinagdag ko sa lahat ng mga panipi sa aklat.

mga walang kabuluhang hain, sila rin ay naghahandog ng mga walang saysay na panalangin sa silid na iniwan na ni Jesus; at si Satanas, natutuwa sa panlilinlang na ito, ay nagpapanggap ng pagiging relihiyoso, at inaakay ang isipan ng mga nagpapanggap na Kristiyano patungo sa kanyang sarili, gumagawa sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, mga tanda at mapanlinlang na mga himala, upang ikulong sila sa kanyang bitag. {EW 260.1}

Pagsamahin natin ang lahat ng napag-usapan. Noong 34 AD, tuluyan nang sinelyuhan ng pisikal na Israel ang kanilang kapalaran sa pamamagitan ng pagpatay kay Deacon Esteban (Gawa 7:51-60). Gaya ng ating nakita, ang Golgota (ang nakikitang pagpapahayag ng krus) ang naghati sa huling propetikong linggo ng 490 taon sa dalawang bahagi ng tig-3 ½ literal na taon. Ang bawat bahaging ito ay binubuo ng 1260 literal na araw. Samakatuwid, ang patotoo ng likas ng Diyos na siyang naging batayan ng kapalaran ng Israel ay naisakatuparan sa pamamagitan ng Anak ng Diyos at ng Kanyang mga tagasunod sa loob ng panahong 2520 araw, nahahati sa dalawang pantay na yugto ng 1260 araw.

Tulad ng makikita natin mamaya, ito ay lubos na mahalaga sapagkat ipinapakita nito na sa krus, tiniis ng ating Panginoong Jesu-Cristo ang kasuklam-suklam na bunga ng ating makasalanang kaisipan na yumakap sa ganap na maling sistema ng hustisya ni Satanas.


6 Ang taon ng propeta sa Bibliya ay 360 araw, dahil malinaw ito sa paghahambing ng panahon ng propeta na 1260 araw (Apocalipsis 11:3), na 42 buwan din (Apocalipsis 11:2), na posible lamang kapag ang isang buwan ng Bibliya ay 30 araw, at pagkatapos ay ang isang taon ay 360 araw. Kaya ang 3 ½ taon na pinarami ng 360 araw ay katumbas ng 1260 araw.

5. Ang Pitong Ulit na Parusa sa Israel at ang Awtoridad ng Babilonya

Ipinapakita ng ating pag-aaral hanggang ngayon na, sa esensya/mahalaga, ang pisikal na Israel at ang Kristiyanismo ay hindi mga lingkod ng dalawang magkaibang tipan, kundi ang lahat ng tao sa lahat ng kapanahunan sa kasaysayan ay tinatawag na lumipat mula sa pag-iisip ng Lumang Tipan patungo sa pag-iisip ng Bagong Tipan upang tapat na tanggapin ang mga pangako ng iisang walang hanggang tipan:

Ngayon, ang Diyos ng kapayapaan, na muling bumuhay mula sa mga patay sa ating Panginoong Jesus — ang dakilang pastol ng mga tupa — sa pamamagitan ng dugo **ng walang hanggang tipan, nawa'y kayo'y gawing ganap sa bawat mabuting gawa upang tuparin ang Kaniyang kalooban, na ginagawa sa inyo ang kalugud-lugod sa Kaniyang paningin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo**; na sa Kaniya ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen.. (Hebreo 13:20-21)

Sa ganitong diwa, parehong ang mga Judio at mga Hentil ay inanyayahang maging bahagi ng bayan ng Diyos na sumusunod sa Kanyang Anak patungo sa Kabanal-banalan sa pag-unawa at pagsasalamain ng karakter ng Diyos. Ngunit bagaman maraming indibidwal ang naging matagumpay sa paglalakbay na ito ayon sa liwanag na kanilang tinanggap sa kanilang kapanahunan, ang kolektibong karanasan ng mga Judio, at pagkatapos ay ng mga Kristiyano, ay napatunayang isang kabiguang labis na masakit para sa Diyos at sa Kanyang Anak. Bagaman ang mga unang Kristiyano ay sumunod kay Cristo sa Banal na Dako, ang sumunod na pagtalikod sa pananampalataya ay nagbalik sa mga Kristiyano sa pagkaunawang tulad ng nasa looban ng



dambana, na nagpapakita ng kaisipang makatao na "kung walang pagbubuhos ng dugo, ay walang kapatawaran":

At binigyan ako ng isang tambong katulad ng isang pamalo: at ang anghel ay tumayo, na nagsasabi, Tumindig ka, at sukatin mo ang templo ng Diyos, at ang dambana, at ang mga sumasamba doon. Ngunit **ang looban na nasa labas ng templo ay iwan mo; huwag mo iyong sukatin; sapagkat ibinigay sa mga Hentil: at kanilang yuyurakan ang banal na lungsod sa loob ng apatnapu't dalawang buwan.** (Apocalipsis 11:1-2)

Ang 42 na propetikong buwan na ito ay tumutukoy sa panahon ng kapangyarihan ng Papa (AD 538–1798) kung kailan kumikilos ang 'kasuklam-suklam na nagpapangyaring pagkawasak'. Kaunti lamang ang mga taong, sa panahong ito, ay nagsikap bilang bayan na ipagpatuloy ang kanilang lakad sa pananampalataya sa loob ng santuwaryo, habang ang opisyal na Kristiyanismo ay inuusig sila dahil sa maling sistema ng katarungan na nasasalamín sa mga katangian ng hayop:


At sinamba ng [mga bansa] ang dragon [paganong Roma] na nagbigay ng kapangyarihan sa halimaw [papal na Roma]: at sinamba rin nila ang **hayop**, na sinasabi, 'Sino ang katulad ng halimaw? Sino ang makakakipaglaban sa kanya?' At binigyan siya ng bibig na nagsasalita ng **malalaking bagay at ng mga kapusungan(blasphemies)**; at binigyan siya ng **kapangyarihang magpatuloy sa loob ng apatnapu't dalawang buwan.** At binuka niya ang kanyang bibig upang magsalita **ng kapusungan(blasphemy) laban sa Diyos**, upang lapastanganin ang Kanyang pangalan [ka], at ang Kanyang tabernakulo, at ang mga nananahan sa langit. **At ipinahintulot sa kanya na makipagdigma sa mga banal, at manaig sa kanila:** at binigyan siya ng kapangyarihan sa bawat angkan, wika, at bansa. (Apocalipsis 13:4-7)

Therefore, the story of the Jews and the Christians is one, and in it God's Israel is presented as bearing the consequences of transgressing the everlasting covenant:

Ngunit kung hindi kayo makikinig sa Akin, at hindi ninyo susundin ang lahat ng Aking mga utos; at kung inyong hahamakin ang Aking mga tuntunin, o kung kapopootan ng inyong kaluluwa ang Aking mga kahatulan, na anupa't hindi ninyo isasagawa ang Aking mga utos kundi inyong sisirain ang Aking tipan: Ako rin nama'y gagawa nito sa inyo—[ang mga bunga ng inyong sariling kasalanan]; Magtatakda Ako sa inyo ng takot, karamdaman, at lagnas na nagsusunog, na sisira sa inyong paningin at magdudulot ng dalamhati sa puso. At kayo'y magtatanim ng binhi nang walang kabuluhan, sapagkat kakainin ito ng inyong mga kaaway. At Aking itutungo ang Aking mukha laban sa inyo, at kayo'y mabubuwal sa harapan ng inyong mga kaaway: at yaong mga napopoot sa inyo ay maghahari sa inyo; at tatakbo

kayo kahit walang humahabol sa inyo. At kung sa kabila nito'y hindi pa rin kayo makikinig sa Akin, parurusahan Ko kayo **nang makapitong higit** dahil sa inyong mga kasalanan. At Aking babaliin ang kapalaluan ng inyong kapangyarihan; at **gagawin Kong parang bakal ang inyong langit, at parang tanso ang inyong lupa**. At ang inyong lakas ay masasayang; sapagkat ang inyong lupa ay hindi magbibigay ng ani, ni ang mga punong-kahoy sa lupa ay magbubunga [ang paniniwala sa likas na sariling kakayahan ay humihiwalay sa Diyos at ang katuwiran ay hindi makapamumunga]. At kung kayo'y lalakad nang laban sa Akin, at hindi kayo makikinig sa Akin; magdadala Ako ng **makapitong higit** pang salot ayon sa inyong mga kasalanan. Magpapadala rin Ako ng **mababangis na hayop** sa gitna ninyo [ang Papa sa anyo ng halimaw sa Daniel 7:8], na aagaw sa inyong mga anak, wawasakin ang inyong mga hayop, at mag-iiwan sa inyo ng kakaunti; at ang inyong mga lansangan ay magiging masira/maulila. At kung sa kabila ng lahat ng ito ay hindi pa rin kayo nagpapakumbaba ni nagpapabago sa pamamagitan ng mga ito, kundi kayo'y lalakad pa rin ng salungat sa Akin; Ako man ay lalakad na rin ng salungat sa inyo, at parurusahan Ko kayo nang **makapitong higit** dahil sa inyong mga kasalanan. (Levitico 26:14-24)

Na ang langit ay magiging gaya ng bakal at ang lupa ay gaya ng tanso ay may malalim na kahulugan, sapagkat ang mga kasangkapang nasa looban ng tabernakulo ay yari sa tanso, na sumasalamín sa pinaghalong mali at tamang pagkaunawa sa likas ng Diyos. Ang dambanang tanso, kung saan iniaalay ang mga hayop, ay sumisimbolo sa Golgotha. Ngunit ating nakita na sa pamamagitan ng tansong ahas ay inilarawan ng Panginoon ang krus bilang paraan kung paanong inaabot tayo ng ating Ama sa ating kaisipan. Ang Hugasan na yari rin sa tanso, na siyang susunod na kasangkapan sa looban, ay ginawa mula sa mga salamin ng mga babae (Exodo 38:8),



kaya't ito'y sumisimbolo sa karanasan sa labas na bahagi ng santuaryo kung saan ang kautusan ng Diyos ay sumasalamin sa likas na mukha ng Israel sa halip na sa mapagmahal na karakter ng Diyos. Ang pag-uulit ng parusang "makapitong beses" sa pagdadala ng bunga ng kanilang kasalanan ay kumakatawan sa isang panahon ng pitong hulaang "panahon" (seven prophetic times), na ang bawat isa ay katumbas ng 360 literal na taon:

Ang unang yugto ng 3 ½ panahon (1260 taon) ay nagpapakita ng kapangyarihan ng Paganismo, at ang ikalawa naman ay sa kapapahan:

At siya [ang maka-Papang Roma] ay magsasalita ng mga dakilang salita laban sa Kataas-taasan, at lilipulin niya ang mga banal ng Kataas-taasan, at iisiping baguhin ang mga panahon at ang kautusan: at sila'y ibibigay sa kaniyang kamay **hanggang sa isang panahon at mga panahon at kalahati ng isang panahon.** (Daniel 7:25)

Ang kakayahan ng Papa na mangibabaw sa larangan ng pulitika sa loob ng 1260 taon ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng pagbabalik-loob ni Clovis, ang hari ng mga Frank, sa pananampalatayang Katoliko tatlung taon bago pa man, noong AD 508. Sa pamamagitan ng kanyang suporta, nagawang lupigin ng Papa ang mga kaaway nito. Ito ang dahilan kung bakit ipinapahiwatig sa Daniel 12:11 na ang panahon mula sa pag-aalis ng "Araw-araw" o Paganismo at sa pagtatatag ng kapapahan hanggang sa panahon ng wakas ay magiging 1290 taon sa halip na 1260 taon.

Ang plano ng Diyos para sa Israel ay upang sila'y maging ulo ng mga bansa kung saan pagpapalain nila ang buong mundo, ayon sa tipan na ginawa kay Abraham:

At pagpapalain ko ang mga nagpapala sa iyo, at susumpain ko ang sumusumpa sa iyo: at **sa iyo pagpapalain ang lahat ng angkan sa lupa.** (Genesis 12:3)

At gagawin ka ng Panginoon na ulo at hindi buntot; at ikaw ay magiging sa itaas lamang [patungo sa Kabanal-banalan], at hindi ka magiging sa ibaba, kung iyong didinggin ang mga utos ng Panginoon mong Diyos na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, upang iyong tuparin at gawin ang mga ito. (Deuteronomio 28:13)

Ngunit ang mga bunga ng paglabag sa tipan ay naging sanhi upang ang Israel ay maging buntot:

Ang taga-ibang lupa na nasa gitna mo ay paitaas na lalong magiging mataas sa iyo; at ikaw ay pababa na lalong magiging mababa. Siya ang magpapahiram sa iyo, at ikaw ay hindi magpapahiram sa kanya: **siya ang magiging ulo, at ikaw ay maging buntot.** (Deuteronomio 28:43-44)

Sa pamamagitan ng prosesong ito, ang Babilonia ang naging ulo ng mga bansa kapalit ng Israel, at naging mga alipin sila nito:

Ikaw, O hari [Nebuchadnezzar – ang hari ng Babilonia], ay hari ng mga hari: sapagkat ang Diyos ng langit ay nagbigay sa iyo ng kaharian, kapangyarihan, lakas, at kaluwalhatian. At saan man naninirahan ang mga anak ng tao, ang mga hayop sa parang at mga ibon sa langit ay ibinigay Niya sa iyong kamay, at ginawa kang tagapamahala sa kanilang lahat. **Ikaw ang ulong ginto.** (Daniel 2:37-38)

Kung ang Israel ay umusad sa kanyang paglalakbay patungo sa Kabanalan, isang pag-unlad na nakabatay sa kanilang pagsasaliksik sa tunay na likas ng Diyos, ang kanilang karanasan ay mamarkahan ng pagkakaklasipika ng mga metal, simula sa bakal at tanso at aabot sa dalisay na ginto ng likas ng Diyos. Kapansin-pansin na ang Babilonia, na pumalit sa lugar ng Israel, ay inilarawan bilang ulong ginto, ngunit ang sumunod na kaharian sa rebultong metal ay kinatawan ng mga metal na mas mababa ang kalidad sa ganitong pagkakasunod: pilak, tanso, at bakal (Daniel 2:31-33). Ang pagbagsak na ito ay sumasalamin din sa pagbaba ng pagkaunawa ng mga paganong bansang ito sa likas ng Diyos. Ipinakikita rin ito sa pangitain ni Daniel sa kabanata 7, kung saan ang parehong mga imperyo ay inilarawan bilang mga mababangis na hayop; bawat sunod na kaharian ay mas malupit kaysa sa nauna.

Kaya't ang lahat ng mga kahariang sumunod sa Babilonia ay mga pagpapalawak lamang nito, sapagkat siya ang ulo ng imahe. Ang prosesong ito o lohika ng pagbagsak ay natapos na sa loob mismo ng ulong ginto bilang binhi ng magiging wakas ng buong imahen ng mga kaharian. Sa panahon ng huling tagapamahala, si Belsasar, ang ganap na pagkabulok sa pagkaunawa sa likas ng Diyos ay naisakatuparan, at ito ay nahayag sa ganitong paraan:

Kaya't dinala nila ang mga **gintong sisidlan na kinuha mula sa templo ng bahay ng Diyos** na nasa Jerusalem; at ang hari, ang kaniyang mga prinsipe, ang kaniyang mga asawa, at ang kaniyang mga asawa sa layaw ay uminom mula sa mga iyon. Uminom sila ng alak, at **kanilang pinuri ang mga diyos na ginto, at pilak, tanso, bakal, kahoy, at bato.** (Daniel 5:3-4)

Ngayon, ang Babilonya ay nagmalaki hindi lamang sa ginto, kundi sa buong hanay ng mga bumababang uri ng materyales, kaya't lubos itong lumayo mula sa pagkakilala sa likas ng Diyos gaya ng ipinahayag sa santuwaryo, kung saan ang pagkakasunod ng mga materyales ay kabaligtaran. Ang Pitong Panahon (2520 taon) ay nagpapakita na ang kapangyarihan ng Babilonya sa sanlibutan ay magtatagal hangga't tumatagal ang kaparusahan sa Israel. Ito ay sapagkat tanging ang Israel lamang ang may kaalaman sa pamamagitan ng mga propeta nito upang makilala ang tunay na likas ng Diyos. Kapag ang Israel ay lumalakad ng salungat sa katotohanan ng likas ng Diyos sa pamamagitan ng pagsuway sa Kaniyang mga utos, mga tuntunin, at mga kahatulan, ang buong sanlibutan ay lumalakad sa kadiliman.

Kahanga-hanga na ang numerikal na halaga ng mga salitang isinulat sa pader ng Babilonya noong gabi ng pananakop nito ng mga Persiano ay 2520. Ang nakakodigong parirala na “MENE, MENE, TEKEL, PERES/UPHARSIN” ay binigyang-kahulugan ni Daniel bilang isang tuwirang pahayag patungkol sa kaharian ni Belshazzar, ayon sa sumusunod:

Ito ang kahulugan ng bagay: **MENE; Binilang ng Diyos ang iyong kaharian, at natapos. TEKEL;** Ikaw ay tinimbang sa timbangan, at nasumpungang kulang. **PERES [Upharsin];** Ang iyong kaharian ay nahahati, at ibinigay sa mga Medo at Persia. (Daniel 5:26-28)

Ngunit ang mga salitang ito ay kumakatawan din sa mga yunit ng sukat na may mga sumusunod na halaga:

Mina (mene) = limampung mga siklo/shekels (tekel)

Siyempre, ang "Peres" o "Upharsin" ay tumutukoy sa mga Persiano, subalit nangangahulugan din ito ng "hatiin sa dalawa," gaya ng malinaw sa paliwanag, at ito ay katumbas ng kalahati ng batayang sukat (mina). Kaya't ang halaga ng pariralang ito sa mga siklo (shekels) ay:

Mene = 50 shekels/mga siklo
Mene = 50 shekels/mgasiklo
Tekel = 1 shekel/siklo
Upharsin = $\frac{1}{2}$ Mina = 25 shekels/mga siklo
Total = 126 shekels/mga siklo

Ngunit ipinapakita sa Ezekiel 45:12 na ang isang siklo ay katumbas ng dalawampung gera/gerahs, at sa gayon makukuha natin ang sumusunod::

$$126 \times 20 = 2520$$

Sa pandaigdigang plano ng kapangyarihang Babilonya na sumasaklaw sa 2520 taon ng mga karumaldumal, si Belsasar ay isang prototipo ng orihinal na hari ng Babilonya, si Lucifer (Isaias 14:4, 12-14). Ang pahayag ng kanyang pagbagsak ay naganap sa Golgota, at hindi ito isang pagkakataon lamang sapagkat iniharap ng Espiritu ng Hula ang dalawang pangyayaring ito na magkatulad:

Hindi kamay ng pari ang punit mula itaas hanggang ibaba sa napakagarbong tabing na naghihiwalay sa Banal at sa Kabanal-banalan. Ito'y kamay ng Diyos. Nang si Cristo ay sumigaw, “Naganap na!” [Juan 19:30], **ang Banal na Tagapagbantay na hindi nakikitang panauhin sa handaan ni Belsasar ang siyang naghayag na ang bansang Hudyo ay hindi na bayan ng Diyos. Ang parehong kamay na sumulat ng mga titik sa pader na nagtatala ng kapahamakan ni Belsasar at ng katapusan ng kahariang Babilonya, ang siyang pumunit sa tabing ng Templo mula itaas hanggang ibaba**, na nagbukas ng isang bago at buhay na daan para sa lahat—mataas at mababa, mayaman at dukha, Hudyo at Hentil. Mula noon, ang sinuman ay maaaring lumapit sa Diyos nang walang pari o pinuno. {Ms101, 1897, par.16}

Sa pagbubukas ng daan patungo sa tunay na likas ng Ama, ipinahayag ng kamatayan ni Cristo ang katapusan ng kahariang Babilonya. Ngunit ang aktuwal na wakas ay darating lamang kapag may isang bayan na pumasok sa Kabanal-banalan at sumasalamin sa kaluwalhatian ng makalangit na Ama (Apocalipsis 14:1).

Ang ideya ng 2520 taon ng kapangyarihan ng Babilonya, sa pamamagitan ng kasuklam-suklam na gawain, ay makikita rin sa paghatol kay Nabucodonosor, ang hari ng Babilonya:

Sumigaw siya ng malakas, at ganito ang sinabi: Putulin ang punong kahoy, at putulin ang mga sanga nito, ipagpag ang mga dahon, at ikalat ang mga bunga nito; magsitakas ang mga hayop mula sa lilim nito, at ang mga ibon mula sa mga sanga nito. Gayunman, iwan ang tuod ng mga ugat nito sa lupa, na may panaling **bakal at tanso** [pagkabulok ng likas na pagkatao], sa luntiang damo sa parang; at ito'y basa ng hamog ng langit, at ang **bahagi niya'y makasama ng mga hayop sa damuhan sa lupa**. Palitan ang **kanyang puso mula sa pagkatao, at bigyan siya ng pusong tulad ng sa hayop**; at hayaang lumipas sa kanya ang **pitong panahon**. (Daniel 4:14-16)

Kaya't ang karanasan ng pinunong ito ng Babilonya ay naging sagisag ng buong kapangyarihan ng Babilonya sa loob ng 2520 taon.

Gaya ng ipinapakita sa diagram sa pahina 43, depende kung ito'y tumutukoy sa buong Israel o sa timog na kaharian ng Juda, ang 2520-taong panahon ay nagtatapos alinman sa AD 1798 o 1844. Ang unang petsa ay nagpapakita ng pagbagsak ng kapangyarihang pampulitika ng Papa sa pagkakadakip kay Papa Pio VI ng mga tropa ni Napoleon. Ang ikalawa naman ay siyang wakas ng 2300-araw na propesiya, kung kailan ang bayan ng Adbiyento ay tapat na sumunod sa pagpasok ng Anak ng Diyos sa Kabanal-banalan upang ibalik ang buong sistema ng katotohanan bilang mahalagang plataporma sa pagkakilala at pagsasalamin ng tunay na likas ng Diyos. Kaya't matatagpuan natin sa Mensahe ng Ikalawang Anghel na ibinigay noong tag-araw ng 1844 ang pahayag na "Bumagsak na ang Babilonya (Apocalipsis 14:8).

Ang pagpapaliwanag ng mga tagapagtatag ng Simbahang Adbiyento hinggil sa mga magkakaugnay na panahong propetiko gaya ng 70 linggo (Daniel 9:25), 2300 araw (Daniel 8:14), 1260 araw (Daniel 7:25; 12:7; Pahayag 11:2-3; 12:6,14 at 13:5), 1290 araw (Daniel 12:11), 1335 araw (Daniel 12:12), at 2520 araw, gayundin ang kanilang pagkaunawa sa "araw-araw" bilang sumasagisag sa Paganismo, ay makikita sa propetikong tsart noong 1843. Tungkol dito ay sinabi ni Ellen White ang mga sumusunod:

Setyembre 23, ipinakita sa akin ng Panginoon na iniunat Niya ang Kaniyang kamay sa ikalawang pagkakataon upang tipunin ang nalabi sa Kaniyang bayan, at na ang mga pagsisikap ay kailangang dagdagan sa **panahong ito ng pagtitipon** [pagkatapos ng 2520 taon]. Sa panahon ng pagpapangalat, ang Israel ay hinampas at pinunit, ngunit ngayon sa panahon ng pagtitipon, pagagalingin at tatapalan ng Diyos ang Kaniyang bayan... **Aking nakita na**

ang tsart noong 1843 ay pinatnubayan ng kamay ng Panginoon, at ito’y hindi dapat baguhin; na ang mga bilang ay ayon sa Kaniyang kalooban; na ang Kaniyang kamay ay nasa ibabaw nito at tinakpan ang isang pagkakamali sa ilang bilang [ang hindi-umiiral na taon zero], upang walang sinuman ang makakita nito, hanggang sa alisin Niya ang Kaniyang kamay. Pagkatapos ay nakita ko na kaugnay sa “araw-araw” (Daniel 8:12) na ang salitang “hain” ay idinagdag ng karunungan ng tao, at hindi ito kabilang sa orihinal na teksto, at ang Panginoon ang nagbigay ng tamang pagkaunawa tungkol dito sa mga nagpahayag ng sigaw ng oras ng paghatol. Noong may pagkakaisa, bago ang 1844, halos lahat ay nagkaisa sa tamang pananaw hinggil sa “araw-araw”; ngunit sa kalituhan pagkatapos ng 1844, ang ibang mga pananaw ay niyakap, at kadiliman at kalituhan ang sumunod. {EW 74}



The 1843 Chart

Si Samuel Snow (1806-1890), na naglahad ng mahalagang liwanag noong tag-araw ng 1844 sa tinatawag na “The Midnight Cry o Ang Hatinggabing

Pagsigaw,” ay nagbigay-katwiran sa kahalagahan at pagkakapit ng mga panahong ito ng propeta.¹

Si Hiram Edson (1806–1882), ang unang pinakitaan ng Diyos na si Cristo ay pumasok na sa Kabanal-banalan noong Oktubre 22, 1844, ang siyang nagpaunlad nang detalyado sa layunin ng propesiya ng 2520 taon, at sa kaugnayan nito sa dalawang kasuklam-suklam.²

Ang pitong ulit na parusa sa Israel, na nagwakas noong 1844, ay malinaw na patunay sa pagkakakilanlan ng kilusang Adventista bilang pagpapatuloy ng tipan sa Israel. Kaya, sa pagkakumpleto ng 2520 taon, dumating din ang panahon ng pagtitipon (Levitico 26:43–45, Isaias 11:11–12). Bagaman ang Repormasyong Protestante ay tumulong upang ihanda ang daan para sa kilusang Adventista at sa pagkakatuklas sa Anak ng Diyos, gayunma’y makikita natin na ang Protestantismo ay may pangalan na siya’y “buhay,” ngunit ito’y “patay” (Apocalipsis 3:1). Ito rin ay maliwanag sa kuwento ng babae na inusig sa ilang sa buong panahon ng pamumuno ng papa:

At ang babae ay tumakas sa ilang, na doon ay may isang dakong inihanda ng Dios, upang doon siya ay pakainin ng isang libo dalawang daan at animnapung araw [AD 538–1798]. (Apocalipsis 12:6)

At nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka laban sa nalabi sa **kaniyang binhi, sa mga nagiingat ng mga utos ng Dios, at may taglay ng patotoo ni Jesucristo.** (Apocalipsis 12:17)

Ang “ilang kaluluwa” sa panahon ng Protestantismo (Sardis) na hindi “nadumihan ang kanilang mga kasuotan” (Apocalipsis 3:4) ay ang nalabi sa iglesia na, pagkatapos ng 1798, ay magpapatuloy sa susunod na kilusan ng Filadelfia. Sila ang mga hindi tumalikod sa pangalan ng bugtong na Anak ng Diyos (Apocalipsis 3:8), kaya’t tapat nilang binuksan ang pintuan ng Kabanal-


1 Basahin pa ang tungkol dito sa aklat na *The True Midnight Cry/Ang Tunay na Sigaw* sa hatinggabi na makukuha sa maranathamedia.com

2 <http://maranathamedia.com/downloads/library/books/MilleriteMovement/EdsonRHArticles2520.pdf>

banalang Dako (Apocalipsis 3:7-8) upang pumasok at ganap na ibalik ang tipan na ginawa sa Israel (Isaias 58:12-14).

Hindi maaaring maipahayag ang tunay na likas ng Diyos hangga't hindi nahahayag ang likas ng Kaniyang kaugnayan sa Kaniyang Anak. Ang bugtong na Anak ang tanging nilalang na naghahayag ng pag-ibig ng Diyos bilang isang tunay na Ama. Siya lamang ang nagbubukas ng daan patungo sa Kabanalan sa pamamagitan ng bago at buhay na daan ng isang tunay na ugnayang pag-unawa.

Ang Pitong Iglesia sa Kasaysayan ng Kristiyanismo



6. Ang Walang Hanggang Ebanghelyo

At nakita ko ang isa pang anghel na lumilipad sa kalagitnaan ng langit, na may dalang walang hanggang ebanghelyo upang ipangaral sa mga naninirahan sa lupa, at sa bawat bansa, at lahi, at wika, at bayan. (Apocalipsis 14:6)

Ang kawalang-kakayahan ng mga Hudyo na tapat na makita ang Anak ng Diyos sa makalangit na santuwaryo, at ang kawalan ng kakayahan ng mundong Kristiyano na ipagpatuloy ang paglalakbay sa loob ng santuwaryo, ay nag-iwan sa sangkatauhan ng isang pira-pirasong ebanghelyo. Ang mismong pangyayaring dapat sana'y sumira sa pader ng pagkakahati sa pagitan ng Judio at Hentil ay siyang ginamit upang hatiin ang ebanghelyo sa isang sistemang batay sa kautusan bago ang krus, at isang sistemang batay sa biyaya pagkatapos nito. Inihahayag ng Espiritu ng Propesiya ang suliraning ito sa mga sumusunod na salita:

Mula noon ay naging espesyal na layunin ni Satanas **na paghiwalayin ang Ama at ang Anak**. Inudyukan niya ang mga Hudyo na sumigaw, **“Ang kautusan, ang kautusan! Ang Ama, ang Ama! Alisin ang Anak!...”** Ngunit nang magsimulang maniwala ang marami sa Anak at tumanggap ng banal na katotohanan mula sa mga labi ng mga alagad ni Jesus, nakita ni Satanas na **kailangan niyang gumawa ng ibang paraan...** Kaya't pinasya niyang akayin ang mga tao na tanggihan **ang Ama at ang Kanyang kautusan,... na ginagawang isigaw ng mga nagpapakilalang Kristiyano, “Si Cristo, si Cristo! Alisin ang kautusan!”** Dahil sa kanyang mga panlilinlang, nabigo ang mga tao na luwalhatiin ang Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang kautusan, na siyang saligan ng Kanyang pamahalaan sa langit at sa lupa. Ang Lumang Tipan, na naglalaman ng mga propesiya tungkol sa pagdating ni Cristo, ay ngayon hindi na pinahahalagahan. Ang sigaw ngayon ay, **“Si Cristo, si Cristo! Ang ebanghelyo, ang ebanghelyo!” Ngunit ang ebanghelyo ay itinuturo sa buong Biblia, mula Genesis hanggang Apocalipsis... Bawat kilos sa lumang kasunduan upang ilayo ang tao sa kasalanan o upang dalhin siya sa kapatawaran ay ginagawa nang may pagtukoy sa Tagapagligtas** na darating. Siya ang batong tuntungan upang ang tao ay maitataas. Habang naririnig ni Moises... **ang mundong Kristiyano sa bagong kasunduan na sumisigaw, “Alisin ang Ama! Alisin ang kautusan!”** siya ay labis na namangha. Pinaparangalan ba **ng mga tao ang Diyos sa pamamagitan ng paghamak sa Kanyang kautusan?** Yamang ang natatanging gawain ni Satanas ay **ang paghiwalayin ang Ama at ang Anak**, ganoon niya nabulag

ang mga mata ng mundong Kristiyano, kaya't ngayon ay tumatalikod sila sa Ama at sa Kanyang kautusan at **nakatuon na lamang kay Cristo**. {Ms69, 1912, par. 40-44}

Ang ebanghelyo ay walang hanggan! Ito'y gumana sa parehong lumang panahon at bagong kapanahunan. Ang dahilan ng pagkakaroon ng bago at lumang panahon ay isang salamin ng kolektibong paglalakbay ng sangkatauhan patungo sa Kabanal-banalan upang makilala ang likas ng Diyos. Kapag tumanggi ang bayan ng Diyos na magtiwala sa Kanya at tanggapin ang katuwiran ng Kanyang Anak sa pamamagitan ng pananampalataya, sila'y nananatili sa karanasan ng Lumang Tipan na kinakatawan ng looban, o sa pinakamabuti, sa Banal na Dako, anuman ang kapanahunan ng kasaysayan ng tao. Ang taong naniniwalang siya'y nasa ilalim ng Bagong Tipan ngunit sa totoo'y nasa ilalim pa rin ng Luma, ay makikita lamang ang Lumang Tipan at Bagong Tipan bilang mga kolektibong panahon, at hindi bilang personal na paglalakbay ng sangkatauhan. Kapag hindi naranasan ng isang tao ang tunay na Bagong Tipan sa konteksto ng karakter ng Diyos, ang kanyang pagkaunawa sa mga salitang Bagong Tipan ay mananatiling nakaangkla lamang sa mga panahon ng bago at pagkatapos ng krus. Ngunit kapag nakita ng isang tao ang sariling pagbabago ng puso bilang tugon sa krus ni Cristo, ang kanyang pananaw sa dalawang tipan ay nagiging dalawang karanasan ng puso.

Sa Kanyang karunungan, ginagamit ng Panginoon ang pag-iisip ng Kanyang bayan sa ilalim ng Lumang Tipan—kung saan ipinapangako nilang tutuparin ang lahat ng Kanyang mga utos sa kanilang sariling kakayanan—upang akayin sila sa karanasan ng Bagong Tipan, kung saan sila'y magtitiwala sa Kanya na tuparin ang lahat ng Kanyang mga pangako para sa kanila. Ang maluwalhating ministeryo ng Lumang Tipan ay sumasalamin sa makasalanang pag-iisip ng tao upang hikayatin siyang makita ang kanyang kasalanan, at sa gayon ay maipakita sa kanya ang pangangailangan sa Anak ng Diyos at sa Kanyang katuwiran. Kapag ito'y tinanggap, inihahanda siya nito para sa paghuhukom ng Diyos sa Kabanal-banalan, sapagkat dito niya na makikilala ang tunay karakter ng Diyos:


Nguni't kung **ang ministeryo ng kamatayan, na nasusulat at nakaukit sa mga bato, ay maluwalhati**, na anopa't ang mga anak ni Israel ay hindi mapagmasdan ang mukha ni Moises dahil sa kaluwalhatian ng kaniyang mukha; na ang kaluwalhatian ay mawawala: Paanong hindi magiging

maluwalhati ang ministeryo ng espiritu? **Sapagka't kung ang pangangasiwa ng kahatulan ay kaluwalhatian**, ay lalong humihigit sa **kaluwalhatian ang ministeryo ng katuwiran**. (2 Corinto. 3:7-9)

At pagparito niya, kaniyang susumbatan ang sanlibutan tungkol sa [1] **kasalanan**, at sa [2] **katuwiran**, at sa [3] **kahatulan** (Juan 16:8)

Tulad ng makikita sa sipi mula sa Spiritu ng Hula, upang magkaroon ng isang magkakaisang pag-unawa ang bayan ng Diyos tungkol sa kaugnayan ng mga tipan, hindi nila dapat paghiwalayin ang Ama at ang Anak. Ang aral ng Trinidad, na ipinasok sa panahon ng pagtalikod ng Kristiyanismo (pagkatapos ng ika-apat na siglo ng panahon ng Kristiyano), ay itinanggi ang tunay na pagka-anak ni Cristo, kaya't nagbigay ito kay Satanas ng perpektong saligan upang hatiin ang ebanghelyo. Kaya, para sa mga dispensasyonal na Kristiyano, ang ministeryo ng Lumang Tipan ay itinakwil, at kasabay nito ay inalis ang karapatang himukin ang konsensya ng tao patungkol sa kasalanan sa pamamagitan ng kautusan, at nagsimulang umasa ang mga Kristiyano sa biyaya lamang. Ngunit ang biyaya ay maibibigay lamang kung may kamalayan sa pagiging makasalanan:

Bukod dito, **pumasok ang kautusan upang** ang pagsuway ay lalong **mahayag; ngunit kung saan nanagana ang kasalanan, lalo namang sumagana ang biyaya**. (Roma 5:20)



Ang nakapagligligtas na ugnayan sa pagitan ng kautusan at ng ebanghelyo ay mauunawaan lamang sa banal na ugnayan sa pagitan ng Ama at ng Anak, kung saan ang una ay siyang pinagmulan (ugat) at ang ikalawa ay siyang daluyan (bunga):

Nguni't sa atin ay may isang Dios lamang, ang Ama, **na buhat sa kaniya** ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa kaniya; at isang Panginoon lamang, si Jesu-Cristo, **na sa pamamagitan niya** ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa pamamagitan niya.. (1 Corinto 8:6)

Marami ang... isinantabi ang mga Kasulatan sa Lumang Tipan,... Sa pagtangi nila sa Luma, ay tinatanggihan din nila ang Bago; sapagkat ang dalawa ay bahagi ng isang hindi mapaghihiwalay na kabuuan. Walang sinumang makapagpapahayag ng tama sa kautusan ng Diyos nang wala ang ebanghelyo, o ng ebanghelyo nang wala ang kautusan. Ang kautusan ay ang ebanghelyo na isinakatawan, at ang ebanghelyo ay ang kautusan na inihayag. **Ang kautusan ay ang ugat, ang ebanghelyo ay ang mabangong bulaklak at bunga** na ipinapanganak nito. {COL 128.2}

Maaaring ito ang dahilan kung bakit ang mga taong Adventista, na tinawag upang dalhin ang Tatlong Mensahe ng mga Anghel sa konteksto ng walang hanggang ebanghelyo, ay nararapat magkaroon ng pananaw tungkol sa Diyos at kay Cristo na malinaw na nagpapakita ng kanilang kaugnayan bilang pinagmulan at daluyan. Kung wala ang pagkaunawa na si Cristo ay ang tunay na Anak ng Diyos na ipinanganak sa walang hanggan, ang sistema ng mga tipan, gaya ng iniwan ni Augustine sa mga Kristiyano, ay patuloy na magpapakita ng salungatan sa pagitan ng kautusan at ng ebanghelyo. Ito ay dahil ang dalawang elemento na itinuturing na pantay na pinagmulan ay likas na nagdudulot ng kalituhan sa isipan kung paano ugnayin ang isa sa isa pa. Nilulutas ng Trinidad ang suliraning ito sa pamamagitan ng elemento ng hiwaga — tinatanggap mo na lamang ito at nananatili ang kalituhan at salungatan sa isipan nang hindi na ito ikinagugulat.

Noong 1844, sinundan ng mga Adventista si Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya patungo sa Kabanal-banalang Dako at nakita nila ang kaban ng Diyos na naglalaman ng Sampung Utos, kabilang na ang utos na madalas nilang nilalabag—ang ikaapat na utos. Katulad ng sinaunang Israel, sila ay inanyayahan upang kilalanin ang kanilang makasalanang kalagayan at ang

kawalang-kakayahan nilang sundin ang kautusan sa sarili nilang lakas, at sa halip ay kumapit sa katuwiran ni Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya, na siyang tanging tunay na katuparan ng kautusan. Sa kasamaang palad, hindi ito nangyari, at inulit ng mga Adventista ang karanasan ng sinaunang Israel sa ilalim ng Lumang Tipan, sinisikap sundin ang kautusan sa sarili nilang lakas. Ang pamana ng ganitong kaisipan ang siyang humiwalay sa kanila mula sa pinagmulan ng katuwiran at naglalagablab na pag-ibig ng Diyos, at hindi naglaon ay inilagay sila sa kalagayang Laodicean ng pagiging maligamgam at kampante (Pahayag 3:14–22). Upang tulungan silang makaalis sa ganitong kalagayan, sa Kanyang dakilang awa, noong mga taong 1888–1895, nagpadala ang Panginoon ng mensahe sa pamamagitan ng mga matandang manggagawa na sina E. J. Waggoner (1855-1916) at A. T. Jones (1850-1923).

Mga kapatid, hindi ba't dapat nating iwan na ang ating mga pasan doon? At kapag tayo'y umalis sa pulong na ito, nawa'y dala natin ang katotohanan na nagliliyab sa ating mga kaluluwa na parang apoy na nakakulong sa ating mga buto. Matatagpuan ninyo ang mga magsasabi, 'Sobra kayong nadadala sa bagay na ito. Masyado kayong masigasig. Hindi ninyo dapat masyadong itampok ang katuwiran ni Cristo. Dapat ninyong ipangaral ang kautusan.' **Bilang isang bayan, ipinangaral natin ang kautusan hanggang sa tayo'y naging tuyong-tuyo na parang mga burol ng Gilboa na walang hamog ni ulan. Dapat nating ipangaral si Cristo sa kautusan, at magkakaroon ng katas at nutrisyon [biyaya] sa pangangaral na magiging pagkain para sa naghihirap na kawan ng Diyos. Hindi tayo dapat magtiwala sa ating sariling mga merito/kabutihan kailanman [sariling pinagkukunan ng buhay], kundi sa mga merito/kabutihan ni Jesus ng Nazaret. Ang ating mga mata ay dapat pahiran ng pampahid sa mata [ang mensahe sa Laodicea]. Dapat tayong lumapit sa Diyos, at Siya'y lalapit sa atin, kung lalapit tayo sa paraang itinalaga Niya. O, nawa'y kayo'y lumabas na gaya ng mga alagad matapos ang araw ng Pentecostes, at ang inyong patotoo ay magkakaroon ng buhay na tunog, at ang mga kaluluwa ay mahihikayat sa Diyos. {RH March 11, 1890, par. 13}**

Sa Kaniyang dakilang awa, ipinadala ng Panginoon ang isang napakahalagang mensahe sa Kaniyang bayan sa pamamagitan nina Elder Waggoner at Jones. Ang mensaheng ito ay upang higit na maitaas sa harap ng sanlibutan ang Tagapagligtas na napako sa krus, ang handog para sa mga kasalanan ng buong mundo. Inilalahad nito ang pag-aaring-matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya sa Tiyak na Tagapanagot; inaanyayahan nito ang mga tao na tanggapin ang katuwiran ni Cristo, **na nahahayag sa pagsunod sa lahat ng mga utos ng Diyos.** {TM 91.2}

Ang pananaw ni Waggoner tungkol sa mga tipan ay malinaw na nagpapakita ng kanilang magkaayos na ugnayan bago at pagkatapos ng krus. Kanyang tinatanggi ang dispensasyonal/pagkakabahagi ng mga kapanahunan na pananaw ukol sa mga tipan at sa halip ay inilalapat ito sa pansariling karanasan ng bawat isa:

Paulit-ulit kong sinasabi, ang pag-aaring-matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya ay isang karanasang dapat maranasan ng bawat indibidwal para sa kanyang sarili. Libu-libo ang nabuhay noong unang pagparito ni Cristo na walang alam tungkol sa karanasang ito, samantalang libu-libo rin ang nabuhay bago pa Siya dumating, na tunay na dinala kay Cristo upang patawarin, at tinanggap nila ito... **At ito ay tiyak na nagpapatunay na ang apostol, sa ikatlong kabanata ng Galacia, ay tumutukoy sa karanasan ng isang tao, at hindi sa pagbabago ng mga kapanahunan/dispensyonal. Walang tunay na karanasang Kristiyano, walang pananampalataya, walang pag-aaring-matuwid, walang katuwiran, na hindi isang pansariling bagay.** Ang mga tao ay naliligtas bilang mga indibidwal, at hindi bilang mga bansa.... (E. J. Waggoner, Gospel in Galatians, (1888), page 45)

Nang ang mensaheng ibinigay nina Jones at Waggoner ay itinakwil ng mga pinuno ng iglesia, sinuportahan ni Ellen White ang magkakasundo at Magkakaayon pananaw ukol sa mga tipan na inilahad ni Waggoner:

Noong gabing iyon bago ang nakaraan, **ipinakita sa akin [ng Panginoon] na ang mga ebidensya ukol sa mga tipan ay malinaw at kapanipaniwala.** Ikaw mismo [Uriah Smith], si Kapatid Dan Jones, si Kapatid Porter, at ang iba pa ay ginugugol ang inyong lakas sa pagsisiyasat nang walang kabuluhan **upang gumawa ng isang posisyon ukol sa mga tipan na naiiba sa posisyong inilahad ni Kapatid Waggoner...** Ang usapin ukol sa tipan ay isang malinaw na paksa at matatanggap ng bawat tapat at walang kinikilingang isipan, ngunit dinala ako sa kalagayang kung saan binigyan ako ng Panginoon ng pang-unawa sa bagay na ito. {Lt59-1890, par. 18-19}

Sa kontekstong ito, si A. T. Jones ay kumatawan kay Cristo bilang isang walang hanggang saserdote na ang paglilingkod ay maaabot sa buong makasalanang kasaysayan ng sangkatauhan, at hindi lamang sa tinatawag na kapanahunan/dispensasyon ng Bagong Tipan:

Ang [makalupang santuwaryo], totoo nga, ay kumakatawan sa pagkapari ni Cristo, ngunit... **Sasabihin ba natin na iyon ay kumakatawan sa isang pagkapari ni Cristo na malayo pa? Hindi.** Ang pagkapari na iyon sa Jerusalem, sa santuwaryo sa ilang, ay kumakatawan sa isang pagkapari **na umiiral na noon pa man ayon sa kaayusan ni Melquisedec?** 'Ikaw ay magiging isang saserdote magpakailanman ayon sa kaayusan ni Melquisedec?' Hindi, hindi. 'Ikaw ay isang saserdote magpakailanman ayon sa kaayusan ni Melquisedec.' Hindi ba't si Melquisedec ay isang saserdote noong panahon ni Abraham? At hindi ba't ang pagkapari ni Cristo ay magpakailanman ayon sa kaayusan ni Melquisedec? **Hindi ba ninyo nakikita, kung gayon, na ang buong sistemang ito ng mga paglilingkod na ibinigay sa Israel ay upang ituro sa kanila ang presensya ni Cristo noon at doon para sa kasalukuyang kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa** [na ang ebanghelyo ay naroroon na sa panahon/dispensasyon ng Lumang Tipan], at hindi para sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa sa loob ng labinwalong daan, dalawang libo, o apat na libong taon pa? Tunay na tunay nga ito. {GCB/GCDB 1895, page 477.6, 7}

Ipinakikita ng Banal na Kasulatan ang walang hanggang pagkapari ni Cristo sa bisa ng katotohanang Siya ay isang saserdote bilang Anak ng Diyos na ipinanganak mula pa sa kawalang-hanggan:

Gayon din naman si Cristo ay hindi niluwalhati sa kaniyang sarili upang maging dakilang saserdote, kundi ang nagsabi sa kaniya, Ikaw ay aking Anak, ikaw ay Aking ipinanganak sa araw na ito. (Hebreo 5:5).

Ang bunga ng mensahe noong 1888 ay nagdala ng higit na liwanag, at itinaguyod ni Ellen White ang kanyang pananaw tungkol sa pagkasaserdote ni Cristo, na inilagay ito sa konteksto ng walang hanggang ebanghelyo:

Ang pagkapari ni Cristo **ay nagsimula agad nang ang tao ay nagkasala.** Siya ay **ginawang pari ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.** {Ms43b, 1891, par. 5}

Sa mga taon matapos ang 1888, isinara ng bayang Adventista ang pintuan para sa walang hanggang ebanghelyo, kaya't ipinagkait nila sa kanilang sarili at sa buong sanlibutan ang liwanag ng likas ng Diyos gaya ng nahahayag sa Kabanal-banalang Dako. Hangga't nananatili tayo sa labas ng walang hanggang ebanghelyo, patuloy tayong kakausapin ng Panginoon sa wika ng ministryo ng kamatayan ng Lumang Tipan, kung saan ang kautusan ay nagpapakita ng ating likas na mukha, na siyang nagdudulot ng takot sa ating Amang nasa langit.

Ito ang dahilan kung bakit ang pasimula ng Unang Mensahe ng Anghel ay nagsisimula sa paglalarawan ng isang anghel na may dalang walang hanggang ebanghelyo. Ang walang hanggang ebanghelyo ay nakabatay sa tamang pagkaunawa sa mga tipan gaya ng itinuro sa mensahe ng 1888. Kung wala ang pagkaunawang ito, ang balangkas ng natitirang bahagi ng Unang Mensahe ng Anghel—at gayundin ng Ikalawa at Ikatlong Mensahe ng Anghel—ay hindi tunay na mauunawaan.

7. Matakot sa Diyos

Na nagsasabi ng malakas na tinig, **Matakot kayo sa Dios**, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating na ang oras ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit, at ng lupa, at ng dagat, at ng mga bukal ng tubig. (Apocalipsis 14:7)

Yaong mga naniniwala na kinakailangan ng Panginoon ang kamatayan ng Kanyang Anak sa krus upang sila'y mapatawad ay nananatili pa rin sa looban ng santuwaryo, kung saan iniaalay ang mga “walang kabuluhang handog,” at kung saan ang salamin ng hugasan (Exodo 38:8) ay nagpapakita ng kanilang sariling mukha sa kanila (Santiago 1:23), na itinuturing nilang mukha ng Diyos (Awit 50:21). Ang Mensahe ng Unang Anghel ay ipinapaabot sa mga taong may ganitong pag-unawa, kaya't ito'y nagsisimula sa mga salitang, “Matakot kayo sa Diyos.” Kung, gaya ni Adan, ay naniniwala akong ang Panginoon ay gaya ko, talagang dapat ko Siyang katakutan at magtago sa “mga palumpong/dawag” ng sarili kong teorya ng pag-aaring-matuwid. Ngunit kung pahihintulutan natin ang prosesong ito ng pangangasiwa ng kamatayan sa pamamagitan ng kautusan upang tayo'y mapaniwala sa ating kasalanan at hanapin ang Anak ng Diyos, kung gayon ang pagkatakot sa Diyos ay magiging simula ng karunungan para sa atin:

Ang pagkatakot sa Panginoon ay **pasimula ng karunungan**; mabuting pagkaunawa ay taglay ng lahat ng nagsisigawa ng kaniyang mga utos: ang kaniyang kapurihan ay nananatili magpakailanman. (Awit 111:10)

Ang pagkatakot sa Panginoon ay **pasimula ng karunungan**, at ang **pagkakilala sa Banal ay kaunawaan**. (Kawikaan 9:10)

Ang kaalaman sa karunungan ng Diyos ay nagsisimula sa pagkakilala sa Anak ng Diyos, sapagkat Siya ang Karunungan ng Diyos (1 Corinto 1:24):

Ako, ang Karunungan, ay tumatahan na kasama ng pagbubulay-bulay, at ako'y nasusumpungan ng kaalaman ng mabubuting katha. Hinirang ako ng Panginoon sa pasimula ng Kaniyang lakad, bago pa nilikha ang anuman. Itinakda ako mula noong walang hanggan, mula sa pasimula, bago pa nilikha ang lupa. Nang wala pang kalaliman **ay inilikha/ipinanganak na ako**, nang wala pang mga bukal na umaapaw ng tubig. Bago itinatag ang mga bundok **ay inilikha/ipinanganak na ako**, bago pa ang mga burol ay ako'y naroon na. Nang hindi pa Niya nililikha ang lupa, ni ang mga parang,

ni ang alabok ng sanglibutan. Nang inihanda Niya ang langit, ako ay naroroon: nang Kaniyang itinakda ang guhit sa ibabaw ng kalaliman: Nang itatag Niya ang mga alapaap sa itaas: nang palakasin Niya ang mga bukal ng kalaliman; Nang bigyan Niya ng hangganan ang dagat, upang ang tubig ay huwag lumampas sa Kaniyang utos: nang itakda Niya ang mga patibayan ng lupa; Nang magkagayo'y ako ay nandoon sa tabi Niya, na gaya ng alagang anak; at ako'y kaniyang kaluguran araw-araw, na laging nagagalak sa harap Niya; (Kawikaan 8:12, 22-30)

Ang Kataas-taasan ng sansinukob ay hindi nag-iisa sa Kanyang gawain ng kabutihan. Siya ay may kasama—isang katrabaho na kayang pahalagahan ang Kanyang mga layunin, at maaaring ibahagi ang Kanyang kagalakan sa pagbibigay ng kaligayahan sa mga nilikhang nilalang. "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Siya rin noong pasimula ay kasama ng Diyos." Juan 1:1, 2. **Si Kristo, ang Salita, ang tanging anak ng Diyos, ay kaisa ng walang hanggang Ama—isang sa kalikasan, sa pagkatao, sa layunin—ang tanging nilalang na maaaring pumasok sa lahat ng mga payo at layunin ng Diyos... At ipinahayag ng Anak ng Diyos tungkol sa Kanyang sarili: “Ang Panginoon ay nagmamay-ari sa akin sa pasimula ng Kanyang daan, bago ang Kanyang mga gawa noong una. Ako ay itinayo mula sa walang hanggan.... Nang kaniyang itakda ang mga patibayan ng lupa: kung magkagayo'y nasa tabi niya ako, gaya ng pinalaki na kasama niya: at ako'y araw-araw na kaniyang kaluguran, laging nagagalak sa harap niya.”** Kawikaan 8:22-30. {PP 34.1}

Nang nilikha/pinadala ng Diyos ang Kanyang Anak sa walang hanggan, sa Kanyang pag-ibig na agape, ibinigay Niya sa Kanya ang lahat ng bagay:

Ang lahat ng mga bagay ay ibinigay sa akin ng aking Ama: (Mateo 11:27)

Iniibig ng Ama ang Anak, at ibinigay niya ang lahat ng mga bagay sa kamay nito. (Juan 3:35)

Na siyang larawan ng di-nakikitang Dios, ang panganay ng bawa't nilalang:... Sapagka't kinalulugdan ng Ama na sa kaniya'y manahan ang buong kapuspusan; (Colosas 1:15, 19)

Sa mga huling araw na ito ay nagsalita sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak, na kanyang itinalagang tagapagmana ng lahat ng bagay, na sa pamamagitan din niya ginawa niya ang mga daigdig; na siya ang ningning ng kanyang kaluwalhatian, at ang malinaw na larawan ng kanyang pagkatao, at itinataguyod ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng salita ng kanyang kapangyarihan, nang kanyang sarili ay nilinis ang ating mga kasalanan,

naupo sa kanang kamay ng Kamahalan sa kaitaasan; palibhasa'y ginawang higit na mabuti kaysa sa mga anghel, gaya ng kaniyang mana na nagtamo ng higit na mabuting pangalan kaysa kanila. (Hebreo 1:2-4)

Sa harap ng Ama ay hindi kayang makita ng sansinukob ang halimbawa ng pagsunod, sapagkat wala Siyang sinumang nakakataas sa Kanya na maaari Niyang pasunuran, kaya sa Kanyang karunungan, ipinanganak ng Diyos ang Kanyang Anak bago pa likhain ang lahat ng bagay. Pagkatapos ay nilikha Niya ang lahat sa pamamagitan ng Kanya, at sa mukha ng Anak ay nagkaroon ang lahat ng nilalang ng isang ganap na halimbawa ng pagsunod, pasasalamat, at pag-ibig. Kaya't si Jesus ang "daan, ang katotohanan, at ang buhay: [at] sinuman ay hindi makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko [kay Jesus]." (Juan 14:6). Sa ganitong paraan, naipagkakaloob ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa pamamagitan ng Kanyang Anak sa lahat ng nilalang, na nagbibigay sa kanila ng proteksyon laban sa panganib ng pagnanais na maging gaya ng Kataas-taasan sa kapangyarihan at awtoridad (tulad ng ginawa ni Lucifer):

Sa pagtingin kay Jesus, ating nakikita na ang kaluwalhatian ng ating Diyos ay ang magbigay. “Wala Akong ginagawa sa Aking sarili,” sabi ni Cristo; “ang buhay na Ama ang nagsugo sa Akin, at Ako’y nabubuhay dahil sa Ama.” “Hindi Ko hinahanap ang Aking sariling kaluwalhatian,” kundi ang kaluwalhatian ng Kaniyang nagsugo sa Akin. (Juan 8:28; 6:57; 8:50; 7:18). **Sa mga salitang ito ay inilalahad ang dakilang prinsipyo na siyang kautusan ng buhay para sa sansinukob. Lahat ng bagay ay tinanggap ni Cristo mula sa Diyos, ngunit tinanggap Niya ito upang ibigay.** Kaya sa kalangitan, sa Kaniyang ministeryo para sa lahat ng nilalang: sa pamamagitan ng minamahal na Anak, ang buhay ng Ama ay dumadaloy sa lahat; at sa pamamagitan ng Anak ito ay bumabalik, sa anyo ng pagpupuri at masayang paglilingkod, isang agos ng pag-ibig, patungo sa Dakilang Pinagmulan ng lahat. At sa ganitong paraan, sa pamamagitan ni Cristo, ang ikot ng pagkakawanggawa ay naging ganap, na siyang kumakatawan sa katangian ng dakilang Tagapagbigay—ang kautusan ng buhay. {DA 21.2}³

3 Higit pang kaalaman tungkol sa dakilang prinsipyong ito, na siyang kautusan ng buhay para sa sansinukob, ay matatagpuan sa aklat na *Karunungan ng Diyos* na makukuha sa maranathamedia.com o maranathamedia-philippines.com

Tanging ang literal na ipinanganak na Anak ng Diyos mula pa sa walang hanggan ang tunay na nagpapahayag ng pag-ibig na agape ng Kanyang Ama, sapagkat ang pag-ibig na ito, hindi tulad ng pag-ibig na eros, ay hindi naghahanap para sa sariling kapakinabangan, kundi nagbibigay ng halaga. Ito'y laging nagbibigay at walang kailangan kunin, sapagkat ito'y lubos na matatag sa sariling halaga, at sa gayon ay gumagawa ang Ama sa pamamagitan ni Cristo para sa Kanyang mga nilalang, na siyang ginawang 'kapangyarihan ng Diyos' (1 Corinto 1:24). Si Cristo ay may ganap at kahanga-hangang pagkaunawa kung ano ang ibig sabihin ng tumanggap ng buhay at magbigay ng buhay, at sa gayon si Cristo ang nagiging panaling nagdudugtong at nagtataguyod ng pagkakaisa sa buong sansinukob — 'sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay ay nananatili' (Colosas 1:17). Si Cristo bilang agape na Anak ang susi sa walang hanggang buhay:

At narito, isang tinig mula sa langit ang nagsabi, 'Ito ang minamahal kong Anak, na siya kong kinalulugdan. (Mateo 3:17)

Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig [agape] ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. (Juan 3:16)

Ang bawat sumasampalatayang si Jesus ay ang Cristo ay ipinanganak ng Diyos: at ang bawat umiibig sa Kanya na nagbigay-buhay ay umiibig din sa Kanya na ipinanganak Niya. (1 Juan 5:1)

Kapag si Cristo ay iniharap na may sariling pagka-Diyos na hiwalay sa Ama, ang Kanyang posisyon sa pagka-Diyos ay ibinabatay sa kapangyarihan. Ito ay kapangyarihang hindi mula sa karunungan ng Diyos gaya ng nasa 1 Corinto 1:24, kundi mula sa tiwaling kaisipan ni Satanas. Sa ganitong paraan, winawasak ng pagkaunawang Trinitaryo tungkol kay Cristo ang pag-ibig na agape ng Diyos, at inihahalo ito sa eros, gaya ng sinabi mismo ng pinuno ng Simbahang Katolika.⁴:

4 ng paglalakbay sa santuwaryo sa paghahanap ng dalisay na pag-ibig na agape sa pamamagitan ng paghahayag kay Cristo bilang bugtong na Anak ay maganda at malinaw na naitala sa personal

Ang Diyos ang ganap at pinakapunong pinagmumulan ng lahat ng pag-iral; ngunit ang unibersal na prinsipyong ito ng paglikha—ang Logos, ang unang katwiran—ay sa parehong panahon isang mangingibig na may buong pagnanasa ng tunay na pag-ibig. **Kaya’t ang eros ay lubos na pinadakila, at kasabay nito’y lubos na nilinis upang maging kaisa ng agape.** {Pope Benedict IX Encyclical Letter, 2005, Deus Caritas Est “Ang Diyos ay Pag-ibig.”}

Iyan ang dahilan kung bakit, sa panawagang 'Matakot kayo sa Diyos,' inaanyayahan tayo ng Mensahe ng Unang Anghel na tanggapin ang Anak ng Diyos kung sino Siya talaga, upang Siya ay ating tularan at tayo'y maging mga daluyan ng Kaniyang mapagbago at banal na pag-ibig (agape), na siyang humuhubog sa atin ayon sa kahanga-hangang likas ng Diyos.

Ang hindi umiibig [agape] ay hindi nakakakilala sa Diyos; sapagkat ang Diyos ay pag-ibig [agape]. Sa ganito nahayag ang pag-ibig [agape] ng Diyos sa atin, sapagkat sinugo ng Diyos ang Kaniyang bugtong na Anak sa sanlibutan upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan Niya. Narito ang pag-ibig [agape]: hindi sa tayo ang umibig [agape] sa Diyos, kundi Siya ang umibig [agape] sa atin, at sinugo ang Kaniyang Anak upang maging pampalubag-loob para sa ating mga kasalanan. Mga minamahal, yamang gayon ang pag-ibig [agape] ng Diyos sa atin, nararapat din naman na tayo'y mag-ibigan [agape] sa isa't isa. (1 Juan 4:8-11)

Kaya’t ang unang aral na ipinahahayag ng Unang Anghel, sa konteksto ng walang hanggang tipan, ay isang panawagan na sambahin ang tunay na Diyos. Ang Diyos na ito ay nahayag sa pamamagitan ng Kaniyang bugtong na Anak, at ang pag-ibig ng Ama ay ipinakikita sa pamamagitan ng pag-ibig Niya sa Kaniyang Anak. Ang mana ng Anak ng Diyos ang nagpapatunay na tunay ang agape ng Ama. Ang lahat ng kapuspusan ng pagka-Diyos ng Ama ay minana ng Anak. Kaya’t ang tunay na ugnayan ng Ama at Anak ang siyang naglalarawan sa kahulugan ng agape ng Diyos at mahalagang maunawaan ito upang makilala ang Kaniyang likas, na magbibigay-daan sa atin upang magbigay ng kaluwalhatian sa Kaniya.

na kwento ni Adrian Ebens sa kanyang aklat na *My Beloved/Aking Minamahal* na makukuha sa maranathamedia.com o maranathamedia-phillippines.com

8. Magbigay Luwalhati sa Kaniya

Na nagsasabi ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Dios, at luwalhatiin ninyo siya; sapagka't dumating ang oras ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig. (Apocalipsis 14:7)

Ang kaluwalhatian ng Diyos ay ang Kaniyang karakter, at ang kautusan ay isang salin o kopya ng Kaniyang karakter:

At kaniyang sinabi, "Isinasamo ko sa iyo, **ipakita mo sa akin ang iyong kaluwalhatian.**" At kaniyang sinabi, **"Pahihintulutan kong dumaan sa harap mo ang buo kong kabutihan, at aking ipahahayag ang pangalan ng Panginoon sa harap mo;** at ako'y magpapakita ng biyaya sa aking pagpapakitaan ng biyaya, at **magpapakita ng awa sa aking** pagpapakitaan ng awa. (Exodo 33:18-19)

At siya'y humugis ng dalawang tapyas na bato na gaya ng una; at si Moises ay bumangong maaga sa kinaumagahan, at umahon sa bundok ng Sinai, gaya ng iniutos sa kanya ng Panginoon, at dinala niya sa kanyang kamay ang dalawang tapyas na bato. At ang Panginoon ay bumaba sa ulap, at tumayo roon na kasama niya, at ipinahayag **ang pangalan** ng Panginoon. At ang Panginoon ay dumaan sa harapan niya, at ipinahayag, "Ang Panginoon, ang Panginoong Diyos, **maawain at mapagbigay, banayad sa galit, sagana sa kagandahang-loob at katotohanan,** na nag-iingat ng kaawaan sa libu-libo, **nagpapatawad ng kasamaan,** pagsalangsang, at kasalanan, at sa anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin; dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak, at sa mga anak ng kanilang mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi. (Exodo 34:4-7)

Ang paanyaya na "magbigay ng kaluwalhatian sa Diyos" ay nangangahulugan na tayo ay baguhin ayon sa Kaniyang karakter, na siyang maghahatid sa tanging tunay na pagsunod sa kautusan ng Diyos, na siyang salin o larawan ng Kaniyang karakter. Ito ay hindi isang proseso ng pangakong susundin ang titik ng kautusan gaya ng ginawa ng mga Israelita, na pagkatapos ay sumamba rin sa gintong guya (Exodo 32:4), kundi isang proseso ng pagkilala sa Diyos at pagsasalamin ng Kaniyang tunay na likas, gaya ng ipinahayag sa pamamagitan ng Kaniyang Anak:

Sinabi sa kaniya ni Felipe, "Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama, at sapat na ito sa amin." Sinabi sa kaniya ni Jesus, **Madalas na akong kasama**

ninyo, at hindi mo pa ako nakikilala, Felipe? Ang nakakita sa akin ay nakakita na sa Ama; bakit mo sinasabi, 'Ipakita mo sa amin ang Ama?' (Juan 14:8-9)

Sapagkat ang Diyos na nagsabing, 'Mula sa kadiliman ay sisilang ang liwanag,' **ay siyang nagbigay-liwanag sa ating mga puso upang makilala natin ang kaningningan ng kaluwalhatian[karakter ng Diyos na nahahayag sa mukha ni Jesu-Cristo.]** (2corinto 4:6)

Itinaas ni Kristo ang katangian ng Diyos, na iniuugnay sa kanya ang papuri, at ibinigay sa kanya ang kapurihan, ng **buong layunin ng kanyang sariling misyon sa lupa,—ang ituwid ang mga tao sa pamamagitan ng paghahayag ng Diyos. Kay Kristo ay nabihisan sa harap ng mga tao ang biyaya ng ama at ang walang kapantay na kasakdalan ng Ama.** Sa kanyang panalangin bago siya ipako sa krus, ipinahayag niya, “Ipinahayag ko ang iyong pangalan.” “Niluwalhati kita sa lupa; natapos ko na ang gawaing ibinigay mo sa akin na gawin.” Nang **ang layunin ng kanyang misyon ay natamo,—ang paghahayag ng Diyos sa mundo,—ang Anak ng Diyos ay nagpahayag na ang kanyang gawain ay natapos na, at ang karakter ng Ama ay nahayag sa mga tao.** {ST January 20, 1890, par. 9}

Ngunit kung babasahin natin ang mga kwento sa Bibliya kung saan ang mga hatol ng Diyos ay may kaugnayan sa karahasan, at iaakma natin ito sa karakter ng Diyos, ipinapakita lamang nito na hindi pa natin tinanggap ang patotoo ng Anak ng Diyos tungkol sa Kanyang Ama, at tayo ay nasa looban pa lamang ng santuwaryo kung saan nakikita lamang natin sa kautusan ang repleksyon ng ating likas na pagkatao. Ang lahat ng mga hatol ng Diyos sa mga makasalanan ay kailangang maunawaan at maiayon sa buhay ni Jesucristo dito sa lupa, sapagkat:

Ang ginawa ng mabuting Samaritano ay kumakatawan sa misyon ni Cristo sa sanlibutan. Ang ating Tagapagligtas ay naparito upang ihayag ang karakter ng Diyos, upang ipakita ang pag-ibig Niya sa sangkatauhan.

Ginawa ni Cristo ang eksaktong gagawin ng Ama sa bawat kagipitan. Ipinamalas ni Cristo ang isang pag-ibig na hindi kailanman matutumbasan ng pag-ibig ng tao. Siya'y namatay upang iligtas ang mga naging kaaway Niya; **nanalangin Siya para sa Kanyang mga pumatay sa Kanya.** {HM October 1, 1897, par. 7}

Upang makita at maipamalas natin ang kaluwalhatian ng Ama gaya ng inihayag sa Kabanal-banalan, tayo ay inaanyayahang maging mabubuting mag-aaral ng Biblia—yaong nagsisikap pagharmonin ang lahat ng mga talata

upang maging malinaw na ang Ama ay kumikilos gaya ng Kanyang Anak sa lahat ng kagipitan, kabilang na ang huling paghatol na may apoy sa mga masama. Sa ganitong paraan lamang, sa kautusan ng Diyos na may tagubiling *“Huwag kang papatay,”* makikita natin ang kagandahan ng Kanyang karakter na malayang iniaalok sa atin:

At tumingin ako, at, narito, ang isang Kordero ay nakatayo sa bundok ng Sion, at kasama niya ang isang daan at apatnapu't apat na libo, **na may pangalan ng kaniyang Ama na nasusulat sa kanilang mga noo.** (Apocalipsis 14:1)

Kapag ating naunawaan na ang Anak ng Diyos ay tunay na wangis ng Kanyang Ama, kung gayon, nang ang wangis na iyon ay nahayag sa lupa, natagpuan natin ang mismong susi upang malaman kung paano magbigay ng kaluwalhatian sa Ama at matanggap ang Kanyang tatak. Ang pagkatakot sa Diyos at pagbibigay ng tunay na kaluwalhatian o likas na katangian sa Kanya ay siyang tanging daan upang matanggap natin ang Kanyang tatak gaya ng inilarawan sa Apocalipsis 14:1.

Ang isang magandang halimbawa ng isang gayong masusing pag-aaral ay makikita sa aklat na Agape na makukuha sa maranathamedia-philippines.com

9. Ang Oras ng Kaniyang Paghuhukom

Na nagsasabi ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; **sapagka't dumating na ang oras ng kaniyang paghatol**: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig. (Apocalipsis 14:7)

Kapag ating naunawaan at tinanggap ang karakter ng Diyos gaya ng nahayag sa pamamagitan ng Kaniyang Anak dito sa lupa, saka lamang natin lubos na mauunawaan ang kalikasan ng mga nangyayari sa Kabanal-banalan ng makalangit na santuwaryo matapos ang ika-22 ng Oktubre, 1844:

Pinagmasdan ko ang mga sungay, at, narito, may isang maliit na sungay [ang Papa o ang kapapahan] na sumibol sa gitna nila, at tatlo sa mga unang sungay ay binunot mula sa kanilang ugat sa harap nito: at, narito, sa sungay na ito ay may mga mata na gaya ng mata ng tao, at **isang bibig na nagsasalita ng mga dakilang bagay. Ako'y tumingin hanggang ang mga trono ay ibinagsak**, at ang Matanda sa mga Araw (Ancient of Days) ay naupo, na ang kasuotan ay maputi na parang niyebe, at ang buhok ng kaniyang ulo ay gaya ng dalisay na lana: **ang kaniyang trono ay gaya ng ningas ng apoy, at ang mga gulong nito ay nagniningas na apoy. Isang apoy na tila ilog ang umaagos mula sa harapan niya**: libu-libong ulit na libu-libo ang naglilingkod sa kaniya, at sangkaterbang ulit na sangkaterba ang nakatayo sa harapan niya: ang paghuhukom ay naupo, at ang mga aklat ay nabuksan. Ako'y tumingin dahil sa tinig ng mga dakilang salitang sinalita ng sungay: **ako'y tumingin hanggang sa pinatay ang hayop, at ang katawan nito ay nawasak, at ibinigay upang sunugin sa apoy...** Ako'y tumingin sa mga pangitain sa gabi, at, narito, **isang gaya ng Anak ng tao ay dumarating na nasa mga alapaap ng langit, at siya'y lumapit sa Matanda sa mga Araw, at siya'y dinala sa harapan niya. At sa kaniya ay ibinigay ang kapangyarihan, at kaluwalhatian, at isang kaharian**, upang ang lahat ng bayan, mga bansa, at mga wika ay maglingkod sa kaniya: ang kaniyang kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan, na hindi lilipas, at ang kaniyang kaharian ay hindi mawawasak. (Daniel 7:8-14)

Ang paghuhukom na ito ay dumarating bilang tugon sa huwad na sistema ng katarungan ng Kapapahan na isinagawa sa buong madilim na Gitnang Panahon (Dark Ages). Ipinakikita nito ang proseso: “Sapagka’t sa hatol na inyong ihatol ay hahatulan kayo: at sa panukat na inyong isinusukat ay susukatin sa ulit sa inyo” (Mateo 7:2). Bilang “tao ng kasalanan” (2 Tesalonica 2:3), ang Kapapahan ay kumakatawan sa makasalananang kaisipan ng buong sangkatauhan

tungkol sa likas ng Diyos. Ang kaisipang ito ay tinitingnan ang kaluwalhatian ng Diyos at ang ilog ng buhay—na siyang presensya ng Diyos at ng Kaniyang Anak sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu (Apocalipsis 22:1)—bilang isang tumutupok na apoy:

At ang anyo ng kaluwalhatian ng Panginoon ay **gaya ng apoy na tumutupok** sa taluktok ng bundok **sa paningin ng mga anak ni Israel.** (Exodo 24:17)

Isang apoy na umaagos ay lumabas mula sa harap niya: libu-libong linkod ang naglilingkod sa kanya: at sampu-sampung libong ulit na sampu-sampung libo ang nakatayo sa harap niya: ang paghuhukom ay nagsimula, at binuksan ang mga aklat.. (Daniel 7:10)

Ang ibig sabihin ng mga salitang nagniningas na agos sa Daniel 7:10 ay nagniningning na ilog tulad ng ilog na inilarawan sa Apocalipsis 22:1, ngunit sa kaisipan ng laman ito ay tila isang nagniningas na agos ng lumalamon na apoy.

Ang paraan ng paghatol sa Papa ay naitala sa kasaysayan noong huling bahagi ng ika-19 na siglo, at ipinapakita nito sa atin kung paano “pinatay ang halimaw, at ang kanyang katawan ay nawasak, at ibinigay sa nagniningas na apoy.” (Daniel 7:11):

Ang kakila-kilabot na pagputok ng kaguluhan [sa panahon ng Rebolusyong Pranses] ay **likás na bunga ng pagsupil ng Roma sa mga Banal na Kasulatan.** Ito ang **pinakamatingkad na halimbawa na nakita ng sanlibutan sa paglalantad ng tunay na bunga ng patakarang ipinatupad ng papa—isang halimbawa ng mga resulta** ng higit sa isang libong taon ng turo ng Simbahang Romano. Ang pagsupil sa Banal na Kasulatan sa panahon ng kataas-taasang kapangyarihan ng papa ay ipinahayag ng mga propeta; at **itinuro rin ng tagapahayag (Revelador) ang kakila-kilabot na bunga na tiyak na daranasin lalo na ng Pransya mula sa paghahari ng “taong makasalanan.”** Sinabi ng anghel ng Panginoon: 'Ang banal na lungsod ay yuyurakan nila sa loob ng apatnapu't dalawang buwan. At bibigyan Ko ng kapangyarihan ang Aking dalawang saksi, at sila'y maghuhula sa loob ng isang libo dalawang daan at animnapung araw, na nakasuot ng damit-sako...' Ang mga panahong binanggit—'apatnapu't dalawang buwan' at 'isang libo dalawang daan at animnapung araw'—ay pareho, **at kapwa kumakatawan sa panahong ang iglesia ni Cristo ay daranas ng pang-uusig mula sa Roma.** Ang 1260 taon ng kataas-taasang kapangyarihan ng papa ay nagsimula noong A.D. 538, at matatapos sa taong 1798. Sa panahong iyon, **isang hukbong Pranses ang pumasok sa Roma**

at binilanggo ang papa, na namatay sa kanyang pagkakatapon.
Bagaman may nahalal na bagong papa makalipas ang ilang panahon, ang kapapahan ay hindi na muling nagkaroon ng kapangyarihang tulad ng taglay nito noon. {GC 266.3}

Ang mga mapaniil na hakbang na ginamit mismo ng Roma laban sa Bibliya at sa mga tagasunod nito ay bumalik sa kanya (Mga Awit 7:16) sa pamamagitan ng likas na pag-unlad ng mga pangyayari sa Pransya. Hindi ba't ito'y isang malinaw na palatandaan na ang bansang minsang tumulong sa Papa upang pagtibayin ang kanyang kapangyarihan—sa katauhan ni Clovis at ng mga Pranko—ang siyang unang naghimagsik laban sa kapangyarihang iyon? Ang simula ng 1290-taóng panahon ng kasuklam-suklam ay itinatag sa pamamagitan ng pagsuporta ng isang nagbagong-loob na haring pagano noong 508 (Daniel 12:11), at hindi noong nagsimula ang kapangyarihan ng Papa noong 538 (Apocalipsis 13:5). At ngayon, ang mga bunga ng kasuklam-suklam ay bumalik sa Papa sa pamamagitan ng mga taong iyon ding nagsawa at nadismaya sa kanyang mga aral—na siyang humantong sa matinding pagputok ng galit na nakita sa Rebolusyong Pranses.

Huwag kayong padaya; ang Dios ay hindi napagkakatuwaan: sapagka't ang anumang ihasik ng tao, ay siya rin niyang aanihin (Galacia 6:7)

Ito ay malinaw na nagpapakita na ang paghatol ng ating Amang nasa langit ay hindi gaya ng paghatol ng tao, at sa larawan na inilalarawan sa Daniel 7, makikita natin ang ating pananaw sa paghatol na nasasalamin sa kautusan ng Diyos. Sa susunod na kabanata ng Daniel, makikita natin kung kailan eksaktong magaganap ang paglilinis o pagpapanumbalik ng santuwaryong makalangit. Mula sa mga pangyayaring naglalarawan sa kasuklam-suklam ng Paganismo (ang araw-araw) at ng Papa (ang pagsalangsang na nagpapasira), inutusan si Gabriel ng Anak ng Diyos mismo na ipaliwanag kay Daniel ang pangitain. Doon, sa unang pagkakataon sa aklat, ay ginamit ang isang salitang Hebreo para sa pangitain, na may ugat na kapareho ng salitang ginagamit para sa mga salamin ng kababaihan na inialay para sa paggawa ng hugasan/laver:

At kaniyang ginawa ang hugasan na tanso, at ang tungtungan niyaon na tanso, mula sa mga **salamin** מַרְאֵה [H4759] (*mar'ah*) ng mga babaing nagpipisan na naglilingkod sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. (Exodo 38:8)

At ako'y nakarinig ng tinig ng isang tao sa pagitan ng mga pangpang ng Ulai; at siya'y tumawag at nagsabi, Gabriel, ipaintindi mo sa taong ito ang pangitain (מַרְעָה *mar'eh*) מַרְעָה [H4758] (Daniel 8:16)

[*StrongHebrew*] 4759 mar'ah mar-aw' kababaihan ng 4758; isang pangitain; gayundin (sa nagpapasidhi o sanhi) isang salamin:—salamin, pangitain. Tingan HEBREW sa 04758	[*StrongHebrew*] 4758 mar'eh mar-eh' from 7200; isang tanawin (Ang pagkilos ng pagtingin); gayundin ang anyo (ang bagay na nakitamaging ito man ay (totoong) anyo (lalo na kung kaaya-aya, kagandahan; kadalasang sa anyo o itsura), o (sa pag-iisip) isang pangitain.
--	---

Ang mga kabanata 2 hanggang 7 ng aklat ni Daniel ay isinulat sa Aramaic, na waring layuning maabot ang mas malawak na tagapakinig. Mula kabanata 8 hanggang 12, ito'y nagpapatuloy sa Hebreo. Ang pangitain ng paghatol ay nasa bahagi ng aklat na nakasulat sa Aramaic, samantalang ang paliwanag nito sa pamamagitan ng pangitain ng santuwaryo ay nasa bahaging Hebreo. Ipinapakita ng pagkakaayos na ito ng aklat na tayo, gaya ni Daniel, ay inaanyayahang makita lampas sa pangitain ng salamin – ang tunay na larawan ng ating Amang nasa langit, na tungkol sa Kanya ay sinabi ng Anak ng Diyos:

Sapagka't **ang Ama ay hindi humahatol sa kaninuman, kundi ipinagkaloob Niya ang buong paghatol sa Anak.** (Juan 5:22)

Ang ating Amang nasa langit ay hindi humahatol ni komukondena ng parusa sa sinuman, kundi ang bawat isa ay magpapasya ng hatol sa kanyang sarili ayon sa kanyang saloobin sa patotoo na ibinigay ng Anak ng Diyos tungkol sa Kanyang Ama habang Siya'y nabubuhay sa lupa. Sa ganitong diwa, ang pariralang “ang oras ng Kaniyang paghatol” ay dapat unawain bilang panahon kung kailan ang sangkatauhan ay inaanyayahang hatulan kung ano ang karakter ng Diyos batay sa patotoo ng Kanyang Anak:

Sa araw na ang Dios ay **hahatol sa mga lihim ng mga tao sa pamamagitan ni Jesu-Cristo** ayon sa aking evangelio. (Roma 2:16)

Huwag kayong humatol, upang kayo'y huwag hatulan. Sapagka't **sa hatol na inyong ihahatol ay hahatulan kayo: at sa panukat na inyong isinusukat ay susukatin sa inyo.** (Mateo7:1-2)

Noong si Jesus ay nasa lupa, malinaw Niyang ipinakita kung ano ang likas ng paghatol ng Diyos, at kung gaano ito kaiba sa ating mga pananaw tungkol sa paghatol na pinakain sa atin ng huwad na sistemang hustisya ni Satanas:

Humahatol kayo ayon sa laman; ako'y hindi humahatol sa kaninuman. At kung ako'y humahatol man, ang hatol ko'y totoo: sapagka't hindi ako nag-iisa, kundi ako at ang Ama na nagsugo sa akin. (Juan 8:15-16)

At kung ang sinoman ay makarinig ng aking mga salita, at hindi manampalataya, ay **hindi ko siya hinahatulan**: sapagka't ako'y naparito hindi upang hatulan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ang sanlibutan. Ang nagtakwil sa akin, at hindi tumanggap ng aking mga salita, ay mayroong isang hahatol sa kaniya: **ang salitang aking sinalita, ang siya rin ang hahatol sa kaniya sa huling araw.** (Juan 12:47-48)

a kwento ng babaeng nahuli sa pangangalunya, mayroon tayong isang **halimbawa ng pagsisiyasat na paghatol** na isinasagawa sa Kabanal-banalan na dako. Habang binabasa mo ang salaysay, bigyang-pansin kung **si Jesus ba mismo ang humatol o nangungundena ng parusa sa sinuman**:

At dinala ng mga eskriba at ng mga Fariseo sa Kaniya ang isang babaeng nahuli sa pangangalunya; at nang mailagay nila siya sa gitna, kanilang sinabi sa Kanya, “Guro, ang babaeng ito ay nahuli sa mismong paggawa ng pangangalunya. Ayon sa kautusan ni Moises, iniutos na ang mga ganyang uri ay dapat batuhin. Ngunit ano ang masasabi Mo?” Sinabi nila ito upang Siya'y subukin, nang sa gayon ay may maiparatang sila laban sa Kanya[mapagkondenang spiritu]. **Ngunit yumuko si Jesus sa lupa at sumulat sa lupa gamit ang Kanyang daliri[ang mga libro ay nabuksan]**, na waring hindi Niya sila naririnig. At nang sila'y patuloy na nagtatanong, tumayo Siya at sinabi sa kanila, “Ang sinuman sa inyo na walang kasalanan, siya ang unang bumato sa kaniya.” At muli Siyang yumuko at sumulat sa lupa. Nang marinig nila ito, sila'y umalis isa-isa, ayon sa pagkakatatanda, dahil **nahatulan sila ng kanilang sariling konsensta**. At naiwan si Jesus, at ang babae na nakatayo sa gitna. Nang tumingin si Jesus at hindi na Niya nakita ang sinuman kundi ang babae, sinabi Niya sa kaniya, **“Babae, nasaan ang iyong mga taga akusa?, wala bang sinumang humatol sa iyo?”** [Kaya't sa tanong na iyon, tinatanong ni Jesus ang babae tungkol sa kanyang paghatol sa karakter ng Diyos], Sumagot siya, “Wala po, Panginoon.”At sinabi ni Jesus, **“Ni ako man ay**

hindi kita hinahatulan; humayo ka, at huwag ka nang magkasala.” (Juan 8:3-11)

Ngunit batid ni Jesus ang tunay na layunin kung bakit dinala sa Kanya ang kasong iyon; **nababasa Niya ang mga lihim ng kanilang mga puso, at alam Niya ang likas at kasaysayan ng buhay ng bawat taong nasa Kanyang harapan... Yumuko Siya at tila walang pakialam na sumulat ng kung ano gamit ang Kanyang daliri sa buhangin.** Bagama’t ginawa Niya ito na waring walang layunin, ay **isinulat ni Jesus sa lupa, sa mga mababasang titik, ang mga tiyak na kasalanang ginawa ng mga taga akusa ng babae**—mula sa pinakamatanda hanggang sa pinakabata. Sa kalaunan, ang mga Fariseo ay naiinip na sa tila pagwawalang-bahala ni Jesus at sa Kanyang di-pagbigay ng agarang sagot sa isyu, kaya sila’y lumapit at pinilit Siya na magpasiya. **Ngunit nang mapansin nila ang mga salitang nakasulat sa buhangin, sila’y kinilabutan at nagulat.** Ang mga taong nanonood ay nakita ang biglang pagbabago sa mga mukha ng mga Pariseo at lumapit upang makita kung ano ang tinitingnan ng mga ito nang may ganoong ekspresyon ng pagkamangha at kahihiyan. Pagkatapos ay itinindig ni Jesus ang Kanyang sarili at sinabi sa kanila, “Ang sinuman sa inyo na walang kasalanan, siya ang unang bumato sa kanya.” At muli Siyang yumuko at sumulat sa lupa. **Nakita ng mga taga akusa na si Jesus ay hindi lamang nakakaalam ng mga lihim ng kanilang mga nakaraang kasalanan, kundi batid din Niya ang kanilang layunin sa pagdadala ng kasong ito sa Kanya. At sa Kanyang walang kapantay na karunungan ay nabigo Niya ang kanilang maingat na binuong panlilinlang.** Nangamba sila na baka isapubliko ni Jesus ang kanilang kasalanan, kaya’t **“nahatulan sila ng kanilang sariling konsensya, at sila’y umalis isa-isa,** mula sa pinakamatanda hanggang sa pinakabata; at naiwan si Jesus na nag-iisa, at ang babae na nakatayo sa gitna.” {2SP 350.2}

Ito ang kaparehong paraan ng sariling paghatol na magaganap sa dakilang araw ng paghatol:

Habang dahan-dahang binubuklat ng Banal na Isa na nakaupo sa trono ang mga pahina ng Aklat ng Talaan, at **ang Kanyang mga mata ay sumandaling tumigil sa bawat indibidwal, ang Kanyang sulyap ay wari bang tumatagos hanggang sa kaibuturan ng kanilang mga kaluluwa. Sa mismong sandaling iyon, ang bawat salita at kilos ng kanilang buhay ay dumaan sa kanilang isipan na kasinlinaw ng mga titik na tila nakaukit sa harap nila sa pamamagitan ng apoy. Sila’y nanginig sa takot, at pumuti ang kanilang mga mukha sa matinding pangamba...** Bawat mata ay nakatitig sa mukha ng Isa na nasa trono, at **habang ang Kanyang mata—puspos ng kabanalan at masusing pagsiyasat—ay tumatanglaw sa**

buong kapulungan, ang panginginig ng puso ay bumalot sa bawat isa, sapagkat nahatulan nila ang kanilang sarili nang hindi man lang naririnig ang kahit isang salita. Sa matinding paghihirap ng kaluluwa, bawat isa ay nagpapahayag ng sarili nilang sala, at sa kakila-kilabot na linaw ay nakita nila na sa pamamagitan ng kasalanan, itinakwil nila ang mahalagang kaloob ng buhay na walang hanggan. {PH043 3.1}

Kaya, sa pamamagitan ng naipong liwanag ng buong kasaysayan ng bayan ng Diyos at ng dalisay na patotoo ng Anak ng Diyos ukol sa Kanyang Ama, tayo ay inaanyayahang hatulan kung ano talaga ang likas ng ating Ama. Sa loob ng 1290 taon, ang kasuklam-suklam na nagpapanglaw ay nagtabon sa katotohanan na si Jesus ay ang Anak ng Diyos. Ang maliit na sungay ay nahatulan at ang kapangyarihan nito ay inalis sa pamamagitan ng panganay nitong anak – ang Pransya. Noon nagsimulang muling lumitaw ang doktrina ng isinilang na Anak (begotten Son) sa Estados Unidos, kung saan ang kilusang Christian Connexion ay may mahalagang papel na ginampanan. Ilan sa mga pangunahing lider ng mga Adventista ay nagmula sa kilusang ito.

Sa pamamagitan ng doktrina ng isinilang na Anak, ang kilusang Adventista ay nabigyan ng bukás na pintuan, bilang mga kasapi ng Philadelphia, patungo sa Kabanal-banalang Dako. Naantala ang iglesia, ngunit isang Jubilee na siklo/ikot matapos ang 1844 ay nagdala sa atin sa kasukdulan ng mensahe ng 1888, sa pamamagitan ng mga sermon ni A. T. Jones noong 1893. Ang mensaheng ito ay sana'y nagbukas sa katotohanan tungkol sa likas ng Diyos, gaya ng sinimulan ng pastor na Adventista na si George Fifiield sa kanyang aklat na *"God is Love/Ang Diyos ay Pag-ibig*. Sa pagbubunyag ng tunay na likas ng Diyos, doon maaaring magsimula ang tunay na paghatol tungkol sa Kanyang pagkatao—at ang bawat tao ay hahatulan ayon sa kanyang paghatol sa likas ng Diyos.

Kaya nga, ayon sa mismong kalikasan ng pasya sa paghatol sa mga buhay na ito, sa panahon ng mensaheng nagsasabing "dumating na ang oras ng Kaniyang paghatol," malinaw na hindi ito isang mahabang proseso ng pagsisiyasat at pagtataya ng mga gawaing timbang-timbang, kundi ito ay pagkilala lamang sa kalagayan ng bawat tao, ayon sa kanyang sariling pagpili. Ano ang tao sa mismong sandali na dumating ang krisis ng paghatol sa kanyang kaso—iyon ang magiging kalagayan niya magpakailanman. Kung siya ay matuwid, kinikilala ito ng paghatol, at

binibigkas ang salita, "Ang matuwid ay magpatuloy na maging matuwid." At ang salitang ito ay binibigkas sa sandaling iyon sapagkat siya na mismo ay yaong sinasabi ng hatol na siya'y magiging "patuloy." Kung siya naman ay masama, kung gayon ang hatol ay, "Ang hindi matuwid ay magpatuloy na maging liko." At sinasabi ito sapagkat iyon na ang tunay na kalagayan niya sa sandaling iyon, kahit pa may paghatol man o wala; at ang krisis ng hatol, pagdating sa kanyang kaso sa mismong sandaling iyon, ay natagpuan siyang ganoon, kinilala ito, at sinabi: "Ang hindi matuwid ay magpatuloy na maging hindi matuwid." {A. T. Jones, *The Great Nations of Today*, page 243.2}

Tanggapin natin ang liwanag na ito at hatulan natin nang may karunungan, sapagkat ang paghatol na ginagamit natin sa ating Ama ay siya ring ibabalik sa atin, eksaktong repleksyon ng salamin ng kautusan ng Diyos. Kung paano natin nakikita ang Diyos ay tuwirang may kaugnayan sa kung paano tayo kikilos at hahatol, at kung paano tayo kumikilos at humahatol ay siya ring paraan ng paghatol sa atin. Kaya't pag-isipan nating mabuti kung paano natin isasakatuparan ang mga sumusunod na talata sa liwanag ni Cristo, at hindi ayon sa maling mga haka-haka tungkol sa kung sino ang Diyos—mga haka-hakang minana natin mula kay Satanas:

Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka't sila'y magtatamo ng kahabagan. Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios. Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios. (Mateo 5:7-9)

Datapuwa't ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at gumawa kayo ng mabuti, at magpahiram kayo, na hindi umaasa sa anumang muli; at ang inyong gantimpala ay magiging dakila, at kayo ay magiging mga anak ng Kataastaasan: sapagka't siya ay mabait sa hindi nagpapasalamat at sa masama. Maging maawain nga kayo, gaya ng inyong Ama na mahabagin. (Lukas 6:35-36)

Mahalagang pansinin na noong panahon ng mga mensahe ni A. T. Jones noong 1893 lumitaw ang liwanag tungkol sa Sabbath, **at** dito tayo ngayon magtutuo ng pansin.

10. Sambahin Siya na Lumalang

Na nagsasabi nang malakas na tinig, "Matakot kayo sa Diyos, at magbigay-luwalhati sa Kanya; sapagkat dumating na ang oras ng Kanyang paghatol: at **sambahin ninyo Siya na lumalang ng langit, at ng lupa, at ng dagat, at ng mga bukal ng tubig.** (Apocalipsis 14:7)

Ang bahaging ito ng Mensahe ng Unang Anghel ay halos tuwirang nagsisipi ng ikaapat na utos:

Alalahanin mo ang araw ng Sabbath, upang ipangilin. Anim na araw kang gagawa at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. Ngunit ang ikapitong araw ay Sabbath sa Panginoon mong Diyos: huwag kang gagawa ng anumang gawain... Sapagkat sa anim na araw ay **ginawa ng Panginoon ang langit at ang lupa, ang dagat, at ang lahat ng naroroon**, at nagpahinga sa ikapitong araw: kaya't pinagpala ng Panginoon ang araw ng Sabbath, at ito'y Kanyang ipinangilin. (Exodo 20:8-11)

Kapag ang bayan ng mga Adventista ay pumasok sa Kabanal-banalang Dako sa pamamagitan ng pananampalataya noong 1844 at nakita ang Kaban ng Tipan na may dalawang tapyas ng kautusan ng Diyos at ang kumikislap na Sampung Utos, kanilang nakita rin na ang ikaapat na utos ay mas nagniningning kaysa sa iba:

Ang apat sa unang tapyas ay mas nagniningning kaysa sa iba pang anim. **Ngunit ang ikaapat—ang utos tungkol sa Sabbath—ay higit na nagniningning kaysa sa lahat; sapagkat ang Sabbath ay itinalaga upang ingatan bilang karangalan sa banal na pangalan ng Diyos** [karater]. {EW 32.3}

Sa pasimula ng Dakilang Labanan, ipinahayag ni Lucifer na ang kautusan ng Diyos ay pabigla-bigla lamang at di-makatwiran ang pagkakatalaga. Sa ganitong pananaw, ang Sabbath ay magmumukhang isang hindi kailangang paghihigpit. Sa kasamaang palad, nang ang bayan ng mga Adventista, tulad ng mga Israelita sa Sinai, ay nagpasyang tuparin ang kautusan ng Diyos sa kanilang sariling lakas, nagsimula silang tingnan ang kautusang ito ayon sa paglalarawan ni Lucifer. Ngunit sa Kanyang awa, nang isinugo ng Diyos sa atin ang mensahe ng pagaaring-matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, tayo'y inanyayahang ibalik ang tamang pananaw tungkol sa Sabbath:

Ang Sabbath ay may **buhay na larawan ni Jesus at ang presensya ni Jesu-Cristo ay nasa loob nito**. Siya mismo ang naglagay nito roon. **Inilagay Niya ito para sa tao, at ang taong sumasampalataya kay Jesu-Cristo ay matatanggap ito roon. Bukod pa sa pagpapala na tinatanggap niya mula sa Panginoon kapag dumarating ang araw ng Sabbath, tumatanggap pa siya ng karagdagang pagpapala mula sa Panginoon**. Walang halaga kung gaano kalaki ang presensya ni Cristo sa kanya sa ibang araw—kapag dumarating ang Sabbath, **may dagdag na presensya ni Cristo na dumarating sa kanya. Alam niya ito**. A.T. Jones, GCB/GCDB 1893, page 455.10}

Dahil sa Sabbath ay dumarating ang karagdagang mga pagpapala mula sa presensya ni Cristo, tunay ngang ito ang paraan ng Diyos upang tatakan ang Kaniyang bayan sa wangis o karakter ng ating Ama:

Bukod dito'y ibinigay ko rin sa kanila ang aking mga Sabbath, upang maging isang **tanda** sa pagitan ko at nila, **upang kanilang makilala na ako ang Panginoon na nagpapabanal sa kanila**. (Ezekiel 20:12)

Sa pamamagitan ng Sabbath, inaanyayahan tayo ng Diyos na maranasan mismo ang prinsipyo ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya—tayo'y tinatawagan na magpahinga mula sa ating sariling mga gawain, upang huwag tayong magtiwala sa mga ito para sa ating kaligtasan sa pamamagitan ng kasinungalingan ng isang independiyenteng/sariling pinagmumulan ng buhay na nagkakaroon ng halaga sa pamamagitan ng mga gawa. Sa halip, sa katuwiran ni Cristo, ang Sabbath ay isang kapahingahan ng pananampalataya at pasasalamat kung saan tinatanggap natin ang Kanyang Espiritu ng kapayapaan:

Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Diyos, ang Banal ng Israel: Sa pagbalik at sa kapahingahan kayo ay maliligtas; sa katahimikan at sa pagtitiwala ay magiging inyong kalakasan—ngunit ayaw ninyo. (Isaia 30:15)

Kung tama nating nauunawaan ang mga Mensahe ng Tatlong Anghel, ang magiging bunga nito ay ang pagtupad natin sa mga utos ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya ni Jesus:

Narito ang pagtitiyaga ng mga banal: narito ang mga **tumutupad sa mga utos ng Diyos, at may pananampalataya kay Jesus**. (Apocalipsis 14:12)

Ang likas na tao ay walang ganitong pananampalataya sa kanyang sarili sapagkat hindi niya kilala ang Ama at hindi niya Siya mapagkakatiwalaan. Sa ganitong diwa, ang Anak ng Diyos ang siyang May-akda ng pananampalataya – Siya ang unang nagkaroon ng pananampalataya sa Diyos at ang tanging daan upang ang lahat ay magkaroon nito, sapagkat bilang bugtong na Anak ng Diyos, kilala Niya ang Ama sa paraang walang sinuman ang makaaabot:

[Ang Ama] Gayunman, iniluklok Ko ang Aking Hari sa aking banal na bundok ng Sion.[Ang Anak] Aking ipahahayag ang pasiya: Sinabi ng Panginoon sa akin, "Ikaw ay Aking Anak; sa araw na ito ay ipinanganak kita. 2:6-7)

Ituon natin ang ating mga mata kay Jesus, **ang tagapanguna** at tagapagpasakdal **ng pananampalataya**. (Hebreo 12:2, NIV)

Ang lahat ng mga bagay ay ibinigay sa akin ng aking Ama: at sinuman ay hindi nakakakilala sa Anak kundi ang Ama; **ni wala ring nakakakilala sa Ama kundi ang Anak, at yaong pinagpahayagan ng Anak**. (Mateo 11:27)

Sa ganap na pagtitiwala at kagalakan sa kalooban ng Kaniyang Ama, nilikha ng Anak ng Diyos ang buong sansinukob at gayundin ang ating daigdig:

Ako'y nalulugod na tuparin ang iyong kalooban, O aking Diyos: oo, ang iyong kautusan ay nasa aking puso. (Awit 40:8)

At sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawat gumagapang na nilalang na gumagapang sa ibabaw ng lupa. (Genesis 1:26)

Lalo na ang Kanyang Anak ay dapat gumawa nang kaakibat Niya sa inaasahang paglalang ng lupa at ng bawat may buhay na nilalang na mabubuhay sa ibabaw ng lupa. **Isasakatuparan ng Kanyang Anak ang Kanyang kalooban at mga layunin, ngunit hindi Siya gagawa nang mag-isa sa Kanyang sarili. Ang kalooban ng Ama ay matutupad sa Kanya.** {1SP 17.2}

Pagkatapos malikha ang lupa at ang mga hayop na naroroon, isinakatuparan ng Ama at ng Anak ang kanilang layunin, na pinlano bago pa man ang pagkahulog ni Satanas—ang lalangin ang tao ayon sa kanilang sariling larawan. Magkasama nilang ginawa ang paglalang ng lupa at ng bawat may buhay na nilalang dito. **At ngayon ay sinabi ng Diyos sa Kanyang Anak, “Lalangin natin ang tao ayon sa ating larawan.”** {1SP 24.2}

Inari ako ng Panginoon sa pasimula ng kaniyang lakad, bago ang kaniyang mga gawa noong una. Ako ay itinayo mula sa walang hanggan, **mula sa simula, o kailanman ang lupa. Nang walang mga kalaliman, ako ay inilabas;... Bago nalagay ang mga bundok, bago ang mga burol ay inilabas ako:** samantalang hindi pa niya ginawa ang lupa, o ang mga parang, o ang pinakamataas na bahagi ng alabok ng sanglibutan. Nang kaniyang ihanda ang langit, ako'y nandoon: nang siya'y maglagay ng compass sa ibabaw ng kalaliman: nang kaniyang itatag ang mga alapaap sa itaas: nang kaniyang palakasin ang mga bukal ng kalaliman: nang kaniyang ibigay sa dagat ang kaniyang pasiya, na ang tubig ay huwag makalampas sa kaniyang utos: nang kaniyang itinakda ang mga patibayan ng lupa: **nang magkagayo'y nasa tabi niya ako, gaya ng isa na pinalaki na kasama niya, at ako'y nagagalak araw-araw sa harap niya; nagagalak sa matitirhang bahagi ng kanyang lupa; at ang aking mga kaluguran ay kasama ng mga anak ng tao.** (Kawikaan 8:22-31)

Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita, **ang panganay sa lahat ng nilalang:** sapagka't **sa pamamagitan niya ay nilalang ang lahat ng mga bagay,** na nasa langit at nasa lupa, mga bagay na nakikita at di nakikita, maging mga trono o mga paghahari o mga pamunuan o mga kapangyarihan; ang lahat ng mga bagay ay nilalang **sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya.** (Colosas 1:15-16)

Madarama ba natin ang galak na naranasan ng Anak ng Diyos nang likhain ng Ama ang lahat ng bagay sa pamamagitan Niya at para sa Kaniya? Sa katunayan, ang kagalakang ito ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng Kaniyang Anak ay iniaalok sa atin tuwing araw ng Sabado:

Ganito natapos ang langit at ang lupa, at ang lahat ng hukbo nito. At nang ikapitong araw ay natapos ng Diyos ang Kaniyang gawaing ginawa; at Siya ay nagpahinga sa ikapitong araw mula sa lahat ng gawaing Kaniyang ginawa [Ang Ama at Anak ay nagagalak]. At pinagpala ng Diyos ang ikapitong araw at pinabanal ito, sapagkat sa araw na iyon Siya ay nagpahinga mula sa lahat ng Kaniyang gawaing nilikha at ginawa [Inaanyayahan nila tayo na tanggapin ang kanilang kagalakan]. (Genesis 2:1-3)

Kung iyong iurong ang iyong paa sa araw ng Sabbath, na huwag gawin ang iyong kalayawan sa aking banal na araw; at **iyong tawagin ang Sabbath na kagalakan,** ang banal ng Panginoon, marangal; at iyong pararangalan Siya, sa hindi paggawa ng iyong mga sariling lakad, ni paghahanap ng iyong sariling kalayawan, ni pagsasalita ng iyong sariling mga salita: **Kung magkagayon ay malulugod ka sa Panginoon;** at aking palalakaran ka sa

mga mataas na dako ng lupa, at ipakakain sa iyo ang mana ni Jacob na iyong ama: sapagkat ang bibig ng Panginoon ang nagsalita nito. (Isaiah 58:13-14)

Sapagkat sa atin ay **ipinangaral ang ebanghelyo** [ang walang hanggang ebanghelyo na umaabot sa lahat ng kapanahunan], gaya rin ng sa kanila [ang mga Israelita]: **ngunit ang salitang ipinangaral ay hindi napakinabangan ng mga nakarinig, sapagkat hindi ito inihalo sa pananampalataya sa mga nakapakinig nito** [hindi nila tinanggap ang pananampalataya ni Jesus]. Sapagkat **tayong sumasampalataya ay pumapasok sa kapahingahan**, gaya ng sinabi Niya, ‘Kung sila’y papasok sa aking kapahingahan,’ **bagaman ang mga gawa ay nangatapos na mula pa sa pagkakatatag ng sanlibutan** [na maaaring maranasan tuwing araw ng Sabbath, isang pagpapatuloy ng orihinal na kapahingahan ng paglalang]. (Hebrew 4:2-3)

Bagaman ang Diyos at ang Kanyang Anak ay tumigil sa paglalang matapos ang linggo ng paglikha, ang kapangyarihang lumalang ng Diyos upang ibalik ang nahulog na tao sa Kanyang wangis ay hindi tumigil, at ito'y partikular na nahahayag sa pamamagitan ng Sabbath. Kaya’t sinabi ni Jesus, nang Kanyang pagalingin ang lalaking paralisado sa loob ng 38 taon, na ang Kanyang Ama ay patuloy na gumagawa kahit sa araw ng Sabbath (Juan 5:17). Ang dalawang sugo na nagdala ng mensahe ng pag-aaring-matuwid sa pananampalataya sa bayan ng mga Adventista ay malinaw na ipinakita ang kaugnayan ng kagalakan ng Diyos at ng Kanyang Anak sa pasimula, at ang pagpapatuloy nito sa pagtubos ng sanlibutan. Sa kanyang komentaryo ukol sa Mensahe ng Unang Anghel, sinabi ni Waggoner:

Dito ay malinaw na ipinapakita sa atin na ang pangangaral ng Ebanghelyo ay binubuo ng pagpapahayag sa Diyos bilang Maylalang ng lahat ng bagay, at pagtawag sa mga tao na sambahin Siya bilang gayon... Ngunit ating natutunan din na ang Ebanghelyo ay ang mabuting balita ng kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo. Ang Ebanghelyo ay ang pangangaral kay Cristo at sa Kanya na ipinako sa krus... Ang pangangaral kay Cristo at sa Kanyang pagkakapako sa krus ay ang pangangaral ng kapangyarihan ng Diyos, kaya ito ay ang pangangaral ng Ebanghelyo, sapagkat ang Ebanghelyo ay ang kapangyarihan ng Diyos. At ito ay ganap na naaayon sa kaisipang ang pangangaral ng Ebanghelyo ay ang pagpapakilala sa Diyos bilang Maylalang; sapagkat ang kapangyarihan ng Diyos ay kapangyarihang lumalang, at si Cristo ang Siyang sa pamamagitan Niya nilikha ang lahat ng bagay... (Paglalang sa pamamagitan ng Krus). Kaya't ang pangangaral ng walang hanggang Ebanghelyo ay ang pangangaral kay Cristo bilang kapangyarihang lumalang ng Diyos, na sa pamamagitan lamang Niya

maaaring dumating ang kaligtasan. At ang kapangyarihang ginagamit ni Cristo upang iligtas ang tao mula sa kasalanan ay ang mismong kapangyarihang ginamit Niya sa paglalang ng mga sanlibutan. {E. J. Waggoner, *The Everlasting Covenant*, pages 21-23}

Ngunit ang Sabbath bilang isang panahon upang tumanggap ng higit pa sa Espiritu ni Cristo ng pagtitiwala, kapangyarihang nagpapagaling, at kagalakan ay hindi limitado lamang sa lingguhang Sabbath. Inilalahad ng Levitico 23 ang isang buong serye ng mga takdang panahon ng Diyos, na hindi iba kundi ang pagpapalawak ng prinsipyong nasa Sabbath:

